# Scandalous Trilogy


BOOK 1
BOOK 2
BOOK 3


Scandalous 1
IRRESISTIBLE
VANESSA

# IRRESISTIBLE

BOOK I

VANESSA

# CHAPTER ONE

"Nasaan ang gown mong ginamit noong nakaraang pageant? `Yong kulay-green. Hihiramin daw ni Danica."

"Naku naman, `Nay, nakatabi na `yon. Sa dinami-dami ng gown na puwedeng hiramin sa mundo, `yon pa talaga, eh, nagmukha akong Shrek no'ng suot ko `yon. Kaya nga `ko hindi nanalo. Hindi na rin uso sa mga prom ngayon ang gown, `Nay." Itinaas ni Lupe ang paa sa upuan, ipinatong ang isang braso sa tuhod, saka pinisil-pisil ang mainit-init na kanin sa pinggan. Kumuha siya ng nilagang talbos ng kamote, isinawsaw iyon sa bagoong isda na pinigaan ng kalamansi,

isinama sa pinipisil na kanin, saka sumubo.

"Eh, ano'ng magagawa mo, walang perang pangrenta ng gown?" anang matanda, dumulog sa mesa matapos ihain ang pritong galunggong. "Anong oras kaya uuwi ang Ate Tasha mo? Patatlong oras na `yong nire-rebond, eh."

"Pasmado na naman `yon pag-uwi, `Nay," aniya, nakadama ng habag sa kapatid na mas matanda sa kanya. Beki ito, maputi, medyo chubby, may sariling parlor. Hati sila sa mga bayarahin sa bahay na iyon, at ang kulang ay ginagawan ng paraan ng kanilang nanay.

Mahirap ang kanilang buhay. Iyon lang ang nakamulatan niya. Hindi kayang itago ng nanay niya sa kanila ang kahirapan dahil bata pa lang silang magkakapatid, doon na sila nakatira sa area na iyon. "Urban poor" ang tawag sa kanila ng mga politiko, galit sa kanila ang mga tao dahil sila raw ang pahirap sa bayan, kahit wala naman silang ginagawang kahit na anong masama kundi subukang buhayin ang sarili sa araw-araw.

"Eh, malaki naman daw mag-tip si Madame. Kahit nga raw nakaalis na dito sa atin, dumadayo pa kapag magpapa-rebond. Hala, kumain ka ng GG." Nilagyan nito ng isda ang pinggan niya, saka tinawag ang isa pa niyang kapatid, si Korina. "Koryang, ibaba mo muna'ng anak mo't sumubo ka na muna dito. `Yong asawa mong magaling, ano at nakadelihensiya ba ng pampadoktor niyang bunso mo?"

"O, ano'ng nangyari kay Bunso?" agad na tanong ni Lupe, sabay lingon sa pamangking lalaki, one year old, napakapayat. Pati yata gatas ng ina ay wala nang sustansiya dahil inuubos na ng konsomisyon sa buhay na pinili. Kung hindi ba naman gaga't kalahati, pinagtiyagaan nilang pag-aralin, biglang nagpabuntis sa asawang amuyong ng mga pipitsuging gangster. Ewan kung ano ang piniling buhay ng kapatid niyang ito, panay problema ang hatid sa kanila at sawa na silang pagsabihan. Ayaw magbago at palaging kampi sa asawang hindi naman makapag-provide

nang tama. Ang sabi nga ng Ate Tasha nila, semilya lang daw ang ambag. Mabuti na lang din na kahit paano, nagbago na at hindi na sumasama sa mga gang. Ngayon ay dicer sa supermarket. Pero nakakita ng bagong bisyo, magpapogi dahil sa aircon nagtatrabaho. Noong nakaraan, nakita niyang umiiyak ang kapatid niya. Hinala niya, nambababae ang asawa pero ayaw sabihin sa kanila. Ewan, hindi naman pine-perm ni Ate Tasha pero mukhang nakulot ang utak.

"Nagtatae kahapon pa," anang nanay niya.

"Dalhin mo na `yan sa doktor," aniya. "Sinasabi ko sa `yong `wag mong iiwan mag-isa, eh, kung ano-anong nasusubo. Maigi sana kung masipag ka man lang maglinis ng bahay," patutsada niya, sabay kurot sa GG. "Kumain ka na muna."

"Hindi naman na gano'n kalambot ang ebak, Ate," sagot ni Koryang. "Nabilhan ko naman ng gamot kanina, inabutan ako ni Marvin."

Kulang tumirik ang mga mata niya.

Konting ambag, kailangang ipagmalaki agad? Samantalang apat na ang anak ng mga ito, doon pa rin nakikisiksik sa kanila. Ang Ate Tasha na nga niya ang nagbigay at hinayaan ang pamilyang doon na tumuloy sa second floor, sa dating space nito. Walang pang-upa ang pamilya, isa pa ay hindi maaalagaan ang mga pamangkin niya at wala silang tiwala kay Koryang. Doon na lang nagtiyaga si Ate Tasha sa likuran, sa dating silid ni Kuya Tonio, pinagawa na lang ang bubong at itinabi ang mga gamit na doon itinambak. Talagang napakalaki ng sakripisyo ng Ate Tasha niya. May sarili itong parlor na katabi ng kanilang bahay. Madami itong suki na nakuha mula sa dating pinapasukang parlor chain. Ang kanyang nanay naman ay mayroong tindahan sa unahan ng bahay.

Mayroon pa siyang nag-aaral na kapatid, bunso nila. Umaasa siyang mapapagtapos ito. Ewan lang kung hindi pa sila bumigay ni Ate Tasha sa dami ng anak ni Koryang na parang inaasahan nitong pagtatapusin din nila ng

pag-aaral. Grade three na ang panganay ng impakta niyang kapatid.

Ang panganay nila ay matagal na ring umalis ng Maynila, pero kung minsan, humihingi ng tulong ang napangasawa. Paano kasi ay nakulong si Kuya Tonio. Tulad ng kanyang ama, nauwi sa buhay ng krimen. Pareho ito at ang tatay niyang nakakulong. Lalaya na next year ang kanyang ama, at in fairness, nagbagong buhay naman din. Hindi na palamura, tulad ng naaalala niya noong araw. Panay Diyos na ang bukambibig, panay ang kanta ng "Alive, Alive Forevermore." Ang kanyang Kuya Tonio naman ay sinabing paglabas daw ay balak na maging pastor.

Sa totoo lang, ayaw na munang umasa ni Lupe. Mahirap umasa at baka sa huli ay mabigo lang siya. Sa ngayon, naka-focus lang siya sa trabaho. Isa siyang HR clerk sa isang call center.

"Ate, puwede bang makigamit ng laptop mo?" ani Koryang sa kanya, sabay puwesto sa hapag, nakayakap ang isang braso sa anak.

Hinagkan niya ang bata, saka nagtanong, “Para saan? Sira nga, eh.”

Hindi siya nagsusumbong sa pamilya niya pero ang totoo, ang boyfriend niyang si Artemio, na noong una ay inakala niyang knight in shining armor, ay isa rin palang sira-ulo at kalahati. Ang totoo ay ilang linggo na niyang pinag-iisipang makipaghiwalay sa isang iyon, hindi lang niya magawa dahil may utang ito sa kanyang beinte mil.

Inutang din niya ang perang iyon mula sa iba't ibang apps at ngayon ay siya ang nagbabayad. Ang laptop niya ay hiniram din nito at nang masira ay pinalitan ng secondhand na sirain. Suwertihan lang niyang nabili ang laptop, pahulugan ng kapitbahay nila. Wala na siyang makikitang ganoon kamura. Pero gagong Artemio talaga.

“May assignment kasi si Pia,” tukoy nito sa panganay na anak.

“Wala, sira, eh,” aniyang nagpatuloy sa pagkain. “Magrenta ka na lang diyan sa kanto. Hindi ba kaya sa phone?”

"Ang pangit naman ng phone natin."

Nakadama na naman siya ng ngitngit na ang pera niya ay parang hostage ni Artemio. Gagong iyon, akala niya ay mapapabuti ang lagay niya dahil ang daming pera nang makilala niya, ang gara pa ng oto at iba-iba sa tuwing lalabas sila. Iyon pala ay ahente ng used cars at nasa buy-and-sell din. Seasonal ang pera nito, nakaasa sa komisyon. May mga oras na meron, at merong mga oras na wala. Sa mga oras na wala ito nagsabing gamitin niya ang pinapautang ng GCash at Shopee. Ano ba ang malay niyang parang ayaw na nitong ibalik ang pera? Kapag nakipag-break siya, lalo na nitong hindi ibabalik kaya imbes tuloy na hindi na siya nagpapadala ng sweet messages dito gabi-gabi, alang-alang sa beinte mil, masama ang loob niyang nag-a-*I miss you, babe.*

Ang totoong nami-miss niya ay ang beinte mil. Padalawang buwan nang siya ang nagbabayad at ang laki pa ng interes!

Nang matapos siyang kumain ay inilagay

niya sa isang plastic food container ang ulam na para kay Ate Tasha, kung hindi ay baka lamunin ng asawa ni Koryang. Walang pakundangan iyon sa ulam ng iba, ang kapal ng mukha. Kung hindi lang sila naaawa ng Ate Tasha niya sa mga pamangkin nila, baka noon pa nila napalayas ang pamilya.

Hostage sila ng mag-asawa gamit ang mga bata.

Matapos makipaglaro sa mga pamangkin ay nagpunas na rin siya at humiga. May sarili siyang silid. Medyo malaki rin naman ang kanilang bahay, kahit pinagtagpi-tagpi sa ilang bahagi. Repair-repair lang sila sa tuwina, walang pampagawa at padami nang padami ang gastusin. Ang pangarap niya ay makabili ng kahit isang row house sa Cavite o Bulacan, pero ayaw niya munang mangarap nang mangarap. Masakit kasi sa tuwing may darating na gastusin at hindi na naman siya makapagtatabi.

Maaga siyang nagising kinabukasan. Nakahain na ang almusal—kanin, pritong

itlog, tuyo, at kape. Nang makapag-almusal ay naligo na siya at pumasok sa opisina. Maghapon siyang busy hanggang bandang alas-kuwatro y medya ay tinawagan siya ni Erlinda, ang best friend niyang nakapangasawa ng may kaya-kaya sa buhay at ngayon ay nakatira na sa isang townhouse. Kapitbahay nila ito noon.

"Bestie, sinundan ko ang jowa mo dahil nakita kong may kasamang babae. Nandito ako ngayon sa labas ng Love and Joy Inn. Sinuhulan ko ang crew dito. Alam ko kung saan ang kuwarto. Bilisan mo na! Heavy traffic, mag-Angkas ka na lang!"

Halos malaglag ang panga niya sa pagkabigla, pero saglit lang. Sumulak ang galit niya at agad nag-log in sa Facebook para mag-book sa Angkas Facebook group. At least, makakapili siya ng malaking lalaki kaysa kung magbu-book siya sa app. Kailangan niya ng isang malaking lalaki dahil may ideyang pumasok isip niya—titigilan na niya once and for all ang kabaliwan kay Artemio at pipilitin

itong magbayad ng utang. Hindi na niya ito kayang patuloy na tiisin!

Madaming nag-PM sa kanyang rider at pinili niya ang isang legit member ng grupo, malaking mama base sa full body shot na profile pic kung saan mayroon itong suot na helmet. Mas malaki ito kaysa kay Artemio, natitiyak niya. Pakikiusapan na lang niya. May talent siya sa ganoon, sa pakikiusap at pagdiskarte. Nagpaalam siya sa boss na pumayag namang mag-undertime siya.

Parang sasabog ang kanyang dibdib sa galit. Ang kapal ng mukha ni Artemio! Nakuha pa talaga nitong mambabae? Saan ito kumukuha ng lakas ng loob?! Puwes, kung may pang-motel ito, siguro naman merong pambayad sa kanya?! Kung wala, kukunin niya ang alahas nito. Alam niyang tunay na ginto ang kuwintas ng lalaki. Ang sabi nito ay regalo ng nanay nito kaya hindi maisangla. Puwes, kukunin niya at iyon ang gagawing hostage! Demonyo!

Nag-abang na siya sa labas ng opisina,

hindi mapakali. Mayamaya ay may humimpil na motor sa tapat ng gusali, ang Angkas niya. Hinubad nito ang helmet. Malaking lalaki nga, tisoy, long hair, balbon dahil makapal ang facial hair. Sumisilip sa leather jacket ang tattoo nito sa kamay. Itinukod nito ang mga paa sa semento, umunat. Hula niya ay six-footer ito. Siguradong titiklop si Artemio.

"`Wag ka nang bumaba!" halos sigaw niya, sabay takbo palapit. Agad siyang sumampa sa likuran ng motor. Inabutan siya nito ng helmet. Sanay siyang umangkas dahil iyon ang transpo niya kapag heavy traffic. In fairness kay Kuya Rider, hindi maasim ang helmet; amoy bagong-bago with a hint of barako cologne. "Sa Love and Joy Inn tayo. Alam mo ba `yon? Tara na! Pakibilis, ha?"

Dumadagundong ang puso niya. Ganito pala ang feeling ng SOCO. Daig pa niya ang magba-buy-bust operation.

"You're that excited, huh?" anang rider sa headset. In fairness, sosyal si Kuya. Isinuot na nitong muli ang helmet.

"Ha?" Hindi na niya halos naintindihan ang sinabi nito, naka-focus siya sa task at hand. "Mamaya ko na ipapaliwanag ang gagawin, ha? Itutok mo lang sa kalsada ang atensiyon mo."

Hindi naman siguro tatanggi si Kuya Rider. Hindi naman ito mapapahamak. Kilala niya si Artemio, duwag iyon sa malalaking tao, sa mahihina lang malakas ang loob. Nakita na niya itong nag-road rage pero tiyope nang babain ng kalabang mas malaki rito pero maliit ang ulo—mamang mukhang pader ang katawan pero malajolens ang ulo. Tuloy, mula sa bintana ay parang teenager. Pagbaba, hindi mo alam kung paano kumasya sa sasakyan. Tumiklop si Artemio, biglang "boss" na ang tawag sa lalaking dinarag, binusinahan, nginaratan, at minura pa. Sa laking lalaki ni Kuya Rider, sure nang lalabas uli ang kaduwagan ng soon-to-be ex niya.

"Yes, ma'am. Pero siguro hindi mo na kailangang ipaliwanag ang gagawin ko. Alam ko naman," tugon ng rider.

Pinagsasasabi nito? Malamang gusto lang ipaalala na ito ang driver, siya ay angkas lang. Pero hindi nito alam na may ipapagawa siya mamaya. Ah, mamaya na niya kaklaruhin. Hinayaan na niya ang rider, laman pa rin ng isip ang taksil na boyfriend. Kaya pala ang tagal nang mag-reply ngayon. Kaya pala sinawaan nang yayain siya sa biglang liko, nakahanap na ng madadala talaga doon. Dahil siya ay hindi pumayag.

Siguro, deep inside ay alam niyang hindi ito ang para sa kanya kaya hindi siya bumigay. Tamang *momol-momol* lang ang nakaya niyang ipagkaloob sa lalaki. Sa tuwina, gusto nitong ideretso sa motel, pero tumatanggi siya. Ewan, hindi naman siya conservative pero talagang iba ang arrive ni Artemio. Meron itong something na nagsasabing may pagkamagulang ito, mapanlamang. Siguro mula simula ay nadama na niyang masama ang ugali nito, pero nasilaw siya sa pera.

Oo, aminado siyang malaking factor ang pera pagdating sa pakikipagrelasyon niya.

Dahil sawang-sawa na siyang maging mahirap. Katwiran niya, kung kukuha siya ng mahirap din, paano na ang magiging buhay nila? Mahirap plus mahirap equals mahirap, kahit i-carry one mo pa, kaya cannot be.

Nakilala niya si Artemio sa birthday party ng isa niyang kaopisina. Ginanap iyon sa isang sikat na KTV sa Quezon City. Kaibigan ito ng isa sa mga um-attend. That night, nakainom siya at magga-Grab na sana pero nag-volunteer itong ihatid siya. Ang lakas ng dating nito noong una, palibhasa ay may hitsura namang talaga. Medyo mukhang titong nag-Saudi dahil pangmalakasan ang alahas pero type na type niya ang ginto nito kasi semi-gold digger siya—or planong maging. Basta ang mindset niya noong mga panahong iyon ay ayaw na niya sa mga manliligaw niyang kung hindi tambay sa kanilang lugar, ay taga-call center na mas magulo pa sa kanya ang buhay-pamilya, kung hindi man ay humahanap lang ng side chick. At siyang taga-HR ang nakikitang kapalit.

Ano siya, tanga?

At kakahanap niya ng ginto, nauwi siya sa tanso.

Mas matanda sa kanya ng walong taon si Artemio na mahilig talaga sa mga mamahalin. Middle-class din naman ang pamilya pero may problema talaga ang lalaki sa management ng pera nito dahil mahilig sa good time, pagpapasikat, at nakikigrupo pa sa mga rapper, parang timang. Pero paano niya ito masisisi kung frustrated rapper nga rin at ang rapper friends nito ay mga salaguinto rin at yumaman sa mga negosyong konektado sa ganoong lifestyle, tulad ng paggawa ng T-shirt, vape shops, skateboard at parts niyon, at meron ding mga sikat sa mundo ng mga ito, iyong mga may YouTube channels, mga sumikat ang kanta sa Spotify o TikTok.

Siya naman ay simple lang ang motto in life, at iyon ay ang ipagpatuloy ang hilig kung kikita ng pera.

Eight months pa lang sila ni Artemio, at sa huling dalawang buwan na nagdaan ay

napansin niya ang pananabang nito. Pero hindi pa naman tuluyang bumibitiw kaya pinapaasa rin niya ito. Nangangako rin siya ng "sexy time" sa kanilang anniversary. Dahil ang plano niya talaga ay masingil na ito bago pa ang petsa nang sa gayon ay mai-break na niya ang lalaking utangero na ay jutay pa ang bird, sa true lang.

Gulantang siya nang minsang ilabas nito iyon sa sasakyan, akala yata ay maaakit siya. Pero nang makita niya, buong akala niya ay hindi pa hard. Iyon pala, iyon na iyon. Ang lakas pa ng loob nitong laruin, with matching ungol. Akala siguro ay natulala siya sa pagka-arouse. Ang totoo, natulala siya dahil akala niya may pa-main event pa. Akala niya talaga front act pa lang at lalabas ang main act mayamaya lang. Iyon pala, sagad na iyon.

Naawa siya sa lalaki, sa totoo lang. Naisip niya noong mga sandaling iyon, hindi mahalaga ang size. Dahil hindi naman nito kasalanan kung maliit ang kargada nito. Pero magmula nang simulan nitong i-pressure

siyang pumunta sa biglang liko, sa isip-isip niya ay hindi siya excited makita ang Vigan longganisa nitong may dalawang Cebu longganisa sa ilalim.

At ngayon, si Mr. Longga ay naglakas-loob pang magdala ng iba sa Love and Joy Inn?! Ang kapal ng mukha! Sino naman kayang babae ang nadale nito? Ah, hindi na mahalaga. Pero sure siyang kung sinoman iyon, tulad niya ay nadale rin ng pagpapasiklab nito. Doon kasi magaling ang lalaki, sa panggugulat. Akala mo talaga sa una ay mahal na mahal ka. Susunduin ka, padadalhan ng mga bulaklak at regalo, hindi makakalimot mag-message, magpapahiwatig ng magandang future—na bibili ng bahay, magsisimula ng pamilya, edukasyon para sa magiging anak. Noon nga ay pinapadalhan pa siya ng mga picture ng sala, kusina, backyard, mga inspirasyon daw para sa magiging future house niya bilang Mrs. Artemio Payumo.

Siya naman, nabola. May pa-share-share pa siya sa Facebook ng mga picture ng bahay

na pangarap, garden, kusina para makapag-bake siya, mga kadalasang pangarap ng isang homemaker. Iyon pala, alam na alam lang ni Juts kung paano mambola ng babae. Malay ba niya, eh, ito ang unang gumawa ng lahat ng ganoon sa kanya? Ang mga manliligaw niya sa lugar nila ay nagpapadala lang naman ng isaw sa bahay, kung hindi man ay nagme-message sa Facebook.

Gusto niyang gantihan si Artemio nang mga sandaling iyon. Parang ang sarap nitong pitpitin, ilagay sa higanteng dikdikan ng bigas, at bayuhin hanggang sa mapisat na parang pinipig. Tuloy, bigla niyang naitanong kay Kuya Rider, "Marunong ka bang bumayo?"

Nasamid ito pero sinabi, "Oo naman."

"Good. May ipapabayo ako. Dadagdagan na lang kita. Ako nang bahala sa `yo."

"Anong dadagdagan?" tanong nito, halata sa tinig ang pagtataka. Lumiko na sila sa kalsada kung saan naroon ang hilera ng mga motel.

"May ipapagawa ako sa `yong medyo kakaiba. Naghihintay na sa `tin `yong kaibigan ko do'n."

"May kasama tayo? Babae ba `yan?"

"Oo. `Tapos pupuntahan natin `yong boyfriend ko. May kasama, eh."

Ilang sandali bago ito nakatugon. "Lima tayo?"

Bago pa siya makatugon ay natanawan na niya si Erlinda. Itinuro niya agad ang babae sa rider. Salamat talaga na malas man siya sa love life, suwerte naman sa kaibigan. Maaasahan talaga si Erlinda. Kahit buntis na at malaki ang tiyan, ready pa ring ipagtanggol siya. Sana kahit kalahati man lang nito ay naabot ni Artemio pero hindi.

Agad lumapit ang babae nang makaparada sila. Bakas sa mukha nito ang tensiyon.

"Room 115. Inabutan ko'ng one hundred `yong room boy, sinabi sa akin kung saan…" Natigilan ito, napatingin sa rider, saka napangiti. "Ay, ang guwapo naman niyang kasama mo!"

Napatingin si Lupe sa rider. Kanina ay hindi na niya masyadong napansin dahil sa stress pero ngayon ay mas naging malinaw ang hitsura nito sa kanya. Tama si Erlinda, guwapo ang lalaki talaga. Big and strong. Tipong warrior. Beast.

# CHAPTER TWO

"Ilang buwan na `yan?" tanong ng rider, kunot na kunot ang noo habang nakatingin sa tiyan ni Erlinda. Malaki ang tiyan ng babae at kahit five months pa lang ang dinadala, mukhang kabuwanan na nito. "I'm sorry. I can't. This is too weird."

Nagtaka na si Lupe. Ano ba ang pinagsasasabi nitong rider na ito? Hindi puwedeng tumanggi ang lalaki. Dito nakasalalay ang beinte mil niya. Kahit siguro abutan na lang niya ng ilang porsiyento sa masisingil. Mas maigi na iyon kaysa wala.

"Ano ba'ng pinagsasabi mo?" tanong niya. "Nasa loob ang ipapabayo ko sa `yo. `Yong

boyfriend ko."

"No way!" agad nitong sabi, naitaas pa nang bahagya ang mga kamay. "I'm not judging but I'm not into that."

"Bayuhin mong maigi kapag hindi nagbayad!" agaw niya, napasuntok sa palad. "Ako na'ng bahala sa `yo. Hindi ka na lugi dito. Tiyope naman `yon, titiklop agad. Five percent ng utang niya, ibibigay ko sa `yo. Kung hindi naman magbabayad, dadagdagan kita ng isandaan. Kaya dapat magbayad. Guaranteed naman na hindi manlalaban. Sa laki mong `yan? Tiklop agad `yon. Tara na!"

Hindi na niya binigyan ng pagkakataong makatanggi ang malaking lalaki. Hitsurang mandirigma ito kaya dapat nitong panindigan. Hinigit niya ito pasunod kay Erlinda na nagpatiuna na sa isang building.

"Mabuti na lang kamo naisipan kong mag-window shopping ng crib para dito sa inaanak mo," kuwento ni Erlinda, humawak sa tiyan. "Aba, pagdaan ko sa Viking's, `kako parang pamilyar ang sumasandok ng laps. Eh, di

inabangan ko. Kinunan ko ng mga picture. Na-forward ko na sa phone mo. Nakita mo na ba?"

"Hindi pa. Wala akong data. Mamaya pa ako magpapa-load," sagot niyang lalong nanggigil sa galit. Hindi makabayad sa kanya pero nakuha pang mag-buffet!

Nagpatuloy si Erlinda. "Naghintay ako sa labas at noong nakita kong lalabas na rin siya, nagtakip ako ng menu sa mukha. Sinundan ko na mula doon. Noong makita kong pa-parking na, pumila agad ako sa taxi bay. Buti na lang buntis ako, ako agad ang pinasakay. Akala ko nga hindi ko maaabutan. Mabuti `kamo at magaling ang driver, saka traffic din do'n sa may exit ng mall. `Sakto ngang pagsakay ko, sabay daan lang ng Pajero ng gago. Ano ba nakita mo diyan? Mukhang manyakis naman talaga. Parang ang lansa-lansa." Umismid pa si Erlinda. Noon pa mang simula, mabigat na ang loob nito kay Artemio. Wala daw itong tiwala sa mga lalaking panay ginto sa katawan dahil senyales

daw iyon na mayroong pinagtatakpan.

Ano pa ba ang masasabi niya kundi tama ang kilatis ni Erlinda? Heto nga ay ibe-break na niya, kailangan lang niyang makuha ang pera. Alam din niyang last chance na niya ito. Dahil kung hindi niya makukuha ang pera, siguradong hindi na siya babayaran ng lalaki kailanman. Nasa katauhan talaga nito.

"Kung may pambayad sa buffet, siguro naman may pambayad sa `yo," patuloy na wika ni Erlinda. Naglalakad na sila sa masikip na pasilyo ng motel. Amoy-fabric softener at kung anong amoy na hindi niya maintindihan. Amoy-cheap ang lugar, kahit mukhang malinis. "Magkano na ang naibayad mong interes?"

"Halos four percent ang interes buwan-buwan, puwera pa `yong initial payment na one-five." Nanggigil na naman si Lupe. Pambili na sana ng gatas ng pamangkin niya iyon, panggastos nila sa bahay. Pero imbes na mailaan sa basic needs, kinuha ng lalaking salaguinto at baka may share pa siya sa pang-

motel nito kasama ang ibang babae!

Tumingin siya sa pintong nilagpasan niya. *109*. Lahat ng odd numbers ay nasa side na iyon, ang even ay nasa kabila. Kailangan niya palang i-orient ang rider bago nila marating ang makasalanang silid. Hinawakan niya ang lalaki sa braso.

"Tatakpan natin `yong peephole para pagbuksan tayo." Sanay siya sa mabilisang pagdiskarte sa mga ganoong bagay. Noon pa man ay isinasali na siya ng kapatid niya sa small-time beauty pageants kaya trained sila sa troubleshooting tulad ng may naiwang gown, nawawalang makeup kit, nagkasakit na backup dancer, at kung ano-ano pa. Tumingin siya kay Erlinda. "Ikaw naman, `wag ka nang lumapit para mai-video mo."

Muling bumaling si Lupe sa Mandirigma. "Ikaw naman, pitsarahan mo agad. Kung nakahubad, daklutin mo agad, sabay uhm! Basag!" Nagmuwestra siyang may dinagit sa pagitan ng mga hita ng imaginary syota. Dapat kasi sa mga lalaking taksil ay basagan

ng mga itlog. Sa kaso ni Artemio, isang pisil lang siguro ay basag na ang mga pugo nito.

"I'm gonna help you out, but there's no way I'm touching your boyfriend's balls." Napailing-iling ang lalaki, parang gusto nang mapahawak sa ulo, astang nagtatanong sa sarili kung ano ba ang napasok nitong gulo.

"Ay, sosyal!" si Erlinda.

Napansin din ni Lupe na may kasosyalan ang lalaki. Siguro taga-call center din. Ganoon namang magsalita ang ibang taga-call center. Baka suma-sideline na Angkas, madami din siyang kilalang ganoon. Hindi lang Angkas, pati sa Grab din. Meron pa ngang carpool ang mga taga-Cavite, Laguna, at Bulacan. Hindi na mahalaga kung bakit sosyal ang rider. Ang mahalaga, payag na ito. Iyon lang at ayaw dakmain si Artemio at hindi niya naman ito masisisi.

"Sige," sang-ayon niya. "Basta kailangan niyang i-GCash sa akin ang twenty K, wala na akong paki sa interes, sasagutin ko na `yon. Kahit principal na lang dahil ang bigat ng

beinte mil. Kung mabubuo niya, bibigyan kita ng cut. Kahit ten percent." Mas maigi na iyon kaysa patuloy siyang makisama kay Artemio dahil sa utang. Kaunting lugi na lang kaysa tiisin niya ito, lalo ngayong nalaman niyang nagdadala ng babae sa motel. Kahit ang i-good night ito sa chat ay parang hindi na niya kayang pekein.

"That's all he owes you?" tanong ng guwapo.

"Shala talaga. Nakakaloka! Hindi ko kinakaya," usal ni Erlinda, parang papadyak sa sobrang hindi "pagkaya."

Tumango siya sa rider. "Oo, `yon lang naman ang utang niya sa akin."

Bumuntong-hininga ito, parang napipilitan lang pero tumango, saka bumaling kay Erlinda na mukhang atat na atat makisali sa gulo, nag-aabang ng instructions, matindi ang focus, astang hindi mukhang butete sa laki ng tiyan. Noong sa Looban pa ito nakatira, madami-dami itong nasabunutan at hindi lang miminsang nadala

sa barangay. Hindi ito palaaway pero hinding-hindi aatras sa laban. Masarap itong kasama sa gulo dahil makikipagpatayan kung para sa kaibigan. Maliksi rin ito kahit maliit.

"Buntis ka. `Wag ka nang lalapit para safe ka," habilin ng mandirigma kay Tesbun, saka siya binalingan. "Ikaw ang unang papasok. Kausapin mo muna. Baka madaan naman sa diplomasya."

Aangal na sana siya pero itinaas nito ang daliri. "No objections. Tutulong ako kung ayaw niyang magbayad. Pero kung madadaan sa matinong usapan, bakit kailangang magkasakitan? Are we clear?"

Sa totoo lang, may pagka-war freak siya kapag nasasagad ang pasensiya. Matiisin daw siya pero kapag todo na, sumasabog siya na parang bulkan. At todo na si Artemio. Gayunman ay nagpakahinahon pa rin siya. Tama naman ang guwapo. Isa pa, may calming effect ang boses nito sa kanya. Ang sabi ng lalaki, siya raw ang aareglo at kapag hindi nadaan sa mabuting usapan ay saka ito

sasaklolo.

Fine. Siguro nga, iyon ang pinakatamang gawin. Humugot si Lupe ng malalim na hininga, idiniin ang hintuturo sa peephole, saka pinindot ang doorbell. Nakayuko siya, nakatingin sa aninong sisilip sa puwang sa ilalim ng pintuan. Nang makitang may tao na sa likod ng pinto ay anong dagundong ng kanyang dibdib.

Nang bumukas ang pinto ay halatang nabigla ang taksil na nakatapi lang ng tuwalya. Bagong paligo ito, basa pa ang buhok, mukhang naghahanda na para sa main event. Napakahayup talaga! Agad niyang inilapat ang kamay sa pinto at itinulak iyon. Napaatras ito.

"You don't do this to me!" panghihiram niya sa linya ni Willie Revillame. Tumaas-baba ang dibdib niya sa galit.

"Ano'ng ginagawa mo dito, Lupe?" tanong nito, tinakpan ang mukha, akala mo na-buy-bust operation at may TV crew, kahit ang tanging video crew ay si Erlinda na malinaw

na hindi sinunod ang habilin ng kanilang bodyguard sa labas. Isa pang walanghiya, mukhang nilaglag na sila. Hindi man lang pumasok sa loob! Kalaki-laking lalaki, duwag!

"Ang kapal ng mukha mo!" singhal niya sa boyfriend, saka tumingin sa babaeng nakatalukbong ng kumot sa kama. Sinugod niya iyon para makita kung sino. Laglag ang panga niya nang makita kung sino. "Ma'am Merlyn?"

Assistant ng HR manager ang naroon, bra lang ang suot. May asawa na ito! Halos lahat ng tao ay bad trip dito dahil sobrang sipsip sa mga boss, bihirang mag-approve ng leave, at kahit personal na bagay ay inuutos sa mga tauhan. Hindi sila makapalag dahil nga sipsip sa head ng department.

"Ang kakapal ninyo!" sigaw niyang nanginginig sa galit.

"Umalis ka na. Break na tayo," ani Artemio, astang sobrang guwapo at pinagkakaguluhan ng dalawang babae, namputsa. Nanggigil siya rito. Hindi pa man

siya nakakabawi ay dinuro na ng animal si Erlinda na noon ay patuloy sa pagbi-video. "Ito kasing Erlindang `to, pakialamera kahit kailan `tong bubwit na `to at hinahayaan mo lang na makialam. `Kita mo, hanggang dito nakabuntot sa `yo. Wala kasi `tong kasiyahan sa buhay! Kaya ayoko na sa `yo. Kayong dalawa ang magsama!"

Aba'y ang walanghiya, nakuha pang baligtarin ang sitwasyon. Oo, palaging kampi sa kanya ang kaibigan, at sa miminsang pagkakataong magkakasama silang tatlo ay talagang binabara ni Erlinda ang lalaki, pero dahil lang nakikita nitong inaapi siya. Mabait si Erlinda at kung itinuring siya nang maayos ni Artemio, malamang na siya pa ang pagsasabihan ng kaibigan na maging mas malambing na girlfriend.

Puwes, nasa kanila ng BFF niya ang alas ganitong mukhang propesyunal na videographer ang kaibigan niya sa pagkuha ng footage. Maaasahan talaga ito sa mga ganoong sitwasyon, hindi tulad ng mandirigmang

iniwan sila sa ere!

"Akin na muna ang beinte mil ko bago ako aalis," aniya, nakataas ang noo. Bakit, nasa kanya ang lahat ng karapatan!

"Wala akong pera! Saka binilhan naman kita ng laptop, ah! Quits na tayo!" singhal ng lalaki.

Pula na yata ang nakikita ni Lupe. Nanginginig na siya sa galit. Umalsa lahat ng damdamin niya at lumabas sa bibig niya.

"Eh, punyeta ka pala, eh!" pagkalutong-lutong na hiyaw niya, tumulo ang isang butil ng luha sa isang mata sa labis na pagkapoot. Himalang nagawa niya pang magsalita sa paninigas ng mga panga sa galit. "Winasak mo ang laptop ko at pinalitan ng siraing secondhand, anong quits ang pinagsasasabi mo diyan?!"

Siguradong malat siya mamaya dahil kumakaskas ang mga salita sa lalamunan niya. Bakit ba niya pinagtiyagaan ang sira-ulong ito? Sobrang sama ng ugali! Hindi niya ma-take na naloko siya nito. Mahihiya si Taning

sa sama ng pag-uugali ni Artemio!

“Basta hindi!” Panay ang iling ni Artemio, galit din. “Quits na tayo! Wala na akong utang sa `yo. Umalis ka na! Wala naman akong napala sa `yo. Luging-lugi ako. Para kang tuod. Ni magpahalik, ayaw mo, `tapos kapag lumalabas tayo ako ang palaging nanlilibre. Ngayon gusto mong bayaran kita? Sabihin na lang nating bayad ka na sa pagkain-kain natin sa labas. Sige na, umalis na kayo nitong bubwit mo. O baka gusto mong tumawag pa ako ng pulis?”

Mukhang tigre na rin si Erlinda sa galit. “Ikakalat namin ang video—” Hindi na nito natapos ang sasabihin dahil hinablot ni Artemio ang phone, sabay itsa sa kerida na agad iyong pinagpipindot.

“Burado na,” anang kabit, ngiting tagumpay.

“Walanghiya ka!” singhal niya, dalawang nakakuyom na kamao ang akmang ipapatama sa lalaki pero tinabig siya nito. Napaatras siya. Saglit siyang nagulat, nagpakawala ng isang

maiksing tili, napaatras, at naunawaang handa ang lalaking ito na pisikal siyang saktan.

Napanganga siya nang humakbang ang lalaki, mukhang babanatan nga siyang talaga! Napaatras siyang bigla. Tumaas ang kamay ni Artemio. Umatras pa siyang muli hanggang sa mapasandal na sa pader. Itinaas niya ang mga kamay sa mukha pero bago pa dumapo ang kamao ng lalaki sa kanya ay isang malaking kamay na may tattoo at brasong natatakpan ng manggas ng jacket ang dumaan sa harap ng mukha niya at dumirekta sa pagsakmal sa leeg ng kampon ng diablo.

"Try that again, I dare you."

Ang mandirigma! Malamig ang tinig nito, umiigting ang mga panga, naningkit ang mga mata. Hindi naman pala sila iniwan sa ere, siguro ay tinitiyak lang na talagang wala nang ibang puwedeng gawin para magbayad si Artemio.

"Boss, nagbibiro lang!" sabi ng duwag, itinaas ang mga kamay, nanlalaki ang mga

mata habang may malaking kamay sa leeg nitong tila kayang-kayang paputukin ang mga ugat doon sa isang pisil lang.

Hindi ito pinansin ng mandirigma, bagkus ay bumaling sa babaeng nasa kama pa rin. Sa pagkakataong iyon, nakaluhod na roon, itinatakip ang kumot sa katawan, parang alanganing tatalilis o maghihintay.

"Give her phone back," utos dito ng mandirigma.

May kasama pang tiling parang tunog ng sa daga ang pag-itsa nito ng phone ni Erlinda sa kutson. Agad iyong dinampot ni Buntis.

"Nasa'n ang phone mo?" tanong ng mandirigma kay Artemio. "Malibang may cash ka sa wallet mo, ibigay mo ang phone mo."

Hindi agad nakasagot si Artemio, parang pinag-iisipan kung magdadahilan muna o ano. Pero siguro, nasa bingit ito ng pagkakasakal kaya naging ismarte na lang sa bandang huli at sinenyasan ang kabit.

"M-magbabayad ako, boss. Relax lang.

Akin na, love," anito sa babaeng haliparot. Nakuha pang mag-"love" ng talipandas. "M-magkano nga ang utang ko? Twenty K, ano?"

"Doblehin mo. Nasira mo pala ang laptop, plus interest ng utang mo," anang lalaking nakasakal pa rin nang walang kahirap-hirap sa leeg ng kutong-lupa.

Muli, parang gustong tumutol ni Artemio pero hindi magawang pumalag. Pumuwesto si Lupe sa tagiliran ng lalaki para makita ang laman ng GCash nito at anong pagkabigla niya. Mahigit tatlong daang libo ang laman ng account nito! Malamang nakabenta ng bahay ang loko. Paminsan-minsan, nakaka-jackpot ang lalaki sa mga komisyon. Bigla niya itong binatukan.

"Ang kapal ng mukha mo, punyeta ka talaga! Nakakomisyon ka, \`no? \`Tapos pagdadamutan mo \`ko ng beinte mil na ikaw ang nakinabang?! I-transfer mo na, now na, walanghiya ka!" Kulang tumili siya sa ngitngit. Galit na galit pa rin siya. Ilang gabi siyang hindi napakali sa pamomroblema sa

pera, iyon pala ay paldong-paldo ang buwisit na ito.

Mabilis na nagpipindot ang lalaki at nang buksan niya ang kanyang account ay nag-reflect naman doon ang kuwarenta mil. Naidikit niya sa dibdib ang phone, sa totoo lang ay parang gustong maiyak sa paggaan ng kalooban.

"All good?" tanong ng anghel de la guardia niya. Iyon na ang tingin niya ngayon sa mandirigma. Hulog ito ng langit. Kung sila lang ni Erlinda, hindi na sila makakasingil ay baka umuwi pa siya nang may bangas ang mukha. Hindi pa rin siya makapaniwalang naging handa si Artemio na daanin sa pisikalan ang lahat. Ang kapal na ng mukha ay bayolente pa pala ito. Good luck na lang kay Ma'am Merlyn.

"Thank you," sambit niya rito, tumango, at agad na pumuwesto sa likuran nito, sakaling gustong gumanti ni Artemio.

Noon lang nito pinawalan ang taksil na agad nagkasamid-samid. Sa mga sandaling

iyon ay naging malinaw kay Lupe kung gaano kaliit na tao si Artemio—hindi sa sukat kundi sa pagkatao, sa personalidad, sa dignidad. Basura. Sinayang lang niya ang walong buwan niya rito pero salamat at tapos na ang kabanatang iyon sa buhay niya.

"Are you all right?" tanong ng mandirigma, hinawakan ang kamay niya, saka tinanguan ang buntis na nagbi-video pa rin sa kabit, ibig sabihin ay pinauuna na itong lumabas. Tumalima naman si Erlinda.

Lumabas na rin sila ng lalaki, hindi nito pinakawalan ang kanyang kamay. Isang bagay na na-appreciate niya dahil nanginginig siya at sa totoo lang ay nanghihina ang tuhod. Para bang anumang sandali ay bibigay siya. Ganoon pala katindi ang sumaklob sa kanyang emosyon.

Nang makalabas na sila ng gusali ay agad niyang binalingan ang tagapagligtas niya.

"M-may GCash ka? Doon na lang ako magse-send ng ten percent, plus extra sa matinding abala. Salamat sa tulong, ha?"

"Sino ba si Kuya, beh? Saan makakakita? Pa-mine," hirit ni Erlinda.

Buntis na, talandi pa rin. Pandilatan nga niya. "Sira! Siya `yong sa Angkas. Buti nga siya ang nakuha ko."

Lumapad ang pagkakangiti ng lalaki pero hindi umimik.

"Tange!" singhal ni Erlinda. "Angkas? May Angkas bang BMW ang motor?"

Noon siya napatingin sa motorsiklo ng lalaki na nakaparada ilang hakbang mula sa kanila. Oo nga, BMW pala ang motor. Noon lang niya napansin ang bilog na tatak sa tangke.

"Hindi ka Angkas?" tanong niyang nabigla.

Nakangiti pa rin ang lalaki. "No."

Shet. Ang guwapo-guwapo nito. As in. Bakit noon lang niya napansin? Ah, oo nga pala, walang ibang laman ang isip niya kanina kundi ang taksil na ex-boyfriend.

"Eh, bakit mo `ko sinakay?" nagtatakang tanong niya.

"I was supposed to meet someone there. Akala ko ikaw."

Madaming kompanya sa building ng call center na pinapasukan niya. Mukhang hindi nito alam ang hitsura ng kakatagpuin kaya isa ang hinala niya. "So may ka-eyeball ka pala, gano'n?"

"Yeah." Itinaas nito ang mga balikat.

"Naku, hindi mo tuloy na-meet. `Bigyan kita ng ten percent. Tutal, sobra-sobra naman ang nakuha ko," pagboboluntaryo niya dahil naabala niya nang sobra ang lalaki. May kita pa siya sa kuwarenta mil, actually. Dahil ang laptop na hulugan ay wala pang ten K niya nabili. Kahit bigyan niya ng ten percent ang lalaking ito ay sobra pa rin ang ibinayad ni Artemio.

"Keep it," anito, naglakad na patungo sa kalsada. Eksaktong may papalapit na taxi na agad nitong pinara. Binuksan nito ang pinto niyon at tumingin sa kanila ni Erlinda. Ibig sabihin ay tapos na ang usapan, makakaalis na sila.

Sumakay na nga si Erlinda, sumunod siya. Isinara na ng lalaki ang pinto. "Ingat."

Tumalikod na ito.

"Hingin mo'ng number, tange!" sulsol ni Erlinda.

Ibababa na sana niya ang bintana ng taxi pero sumakay na ang lalaki sa motorsiklo nito, saka sinenyasan ang taxi na umabante. Para bang wala itong balak na umalis hangga't hindi nakakatiyak na malayo na sila sa lugar na iyon. Marahil ay gustong makasigurong hindi sila mahahabol ni Artemio.

"Sige po, Manong," sabi na lang niya sa taxi driver na pinasibad na ang taxi.

Paglingon ay nakita niyang sa kabilang direksiyon nagtungo ang mandirigma. Shet, ni hindi niya naitanong kung ano ang pangalan. Ang laki niyang tanga.

"Ba't `di mo kinuha ang number?!" si BFF.

"Eh, hassle na tumigil pa. Saka ano namang gagawin ko sa number niya? Kung gusto niya akong makausap, di sana siya ang kumuha ng number ko."

"Sayang. Yummy pa naman. Ilibre mo na lang ako ng buffet at doon mo ikuwento ang lahat."

Tumango na lang siya, naitanong sa sarili kung makikita pa ba ever ang mandirigma.

# CHAPTER THREE

Pasimpleng kumurot sa baong monay sa loob ng bag si Lupe. Nakakahiya, walang ibang kumakain sa lobby ng gusali. Isa siya sa ilang taong naghahanap ng trabaho, nakapila sa labas ng agency. Mayroong mga upuan doon, may mga numero din sila. Kahit anong aga niya ay lagpas na sa isangdaan ang numero niya. No choice siya. Ilang araw na siyang naghahanap ng trabaho dahil nasesante siya. Ginawan ng paraan ni Merlyn iyon. Siyempre, pinersonal siya.

Noong una, naisip niyang ipadala sa asawa nito ang video pero naisip niyang hindi siya bababa sa ganoong lebel. Siyempre,

nakakabuwisit pa rin ang ginawa nito pero wala siyang balak makasira ng pamilya. Oo nga at si Merlyn mismo ang sumisira sa pamilya nito pero hindi niya seselyuhan iyon, lalo na at may maliliit pang anak ang babae. Bahala na ang karma dito.

Tuloy ngayon, tatlong linggo na siyang naghahanap ng trabaho at malapit nang maubos ang perang nakuha niya kay Artemio. Ang mahal na ng pamasahe ngayon, huwag pang idagdag ang iba pang pang-araw-araw na gastusin. Kaya nga imbes na sa labas na lang siya kumain, lalo na at sa sosyal na lokasyon naroon ang agency, nagbaon na lang siya ng monay na may palamang liver spread. Ayos na iyon hanggang sa matapos siya. Sana lang ay umabot dahil ang sabi ng isang ale ay bumalik lang daw ito ngayon. Noong isang araw pa raw ito nakakuha ng numero. Matagal daw ang proseso.

Pag-angat niya ng tingin ay nakita niya ang isang pamilyar na bulto sa di-kalayuan. Tumahip ang dibdib niya at agad na tumayo,

pina-save ang upuan sa katabi, saka dali-daling hinabol ang matangkad na lalaki. Ang mandirigma iyon, sigurado niya. Bihira ang mga lalaking ganoon kalaki at mayroong tattoo sa isang buong braso. Ngayon niya nakitang sa buong braso pala nito dahil T-shirt ang suot ngayon, bagaman nakasampay sa isang balikat ang jacket.

"Huy, mister!" tawag niya para kunin ang atensiyon nito. Bakit ba kasi hindi niya nakuha ang pangalan nito?

Ni hindi ito lumingon, halatang hindi siya naririnig. Sa laki ng biyas nito, doble yata ang lawak ng hakbang kumpara sa kanya.

"Wait! Saglit lang!" patuloy niyang tawag.

Walang epekto. Lumabas na ito sa isang pinto na may nakasulat na P sa itaas, ibig sabihin ay parking area. Patuloy siyang sumunod. Isinusuot na ng lalaki ang jacket habang naglalakad. Hanggang sa makasakay na ito sa motorsiklo. Parang nanlumo na siya dahil hindi niya yata ito maaabutan. Ni hindi niya alam kung bakit ganoon na lang ang

pagnanais niyang makausap ang lalaki. Siguro dahil ilang gabi na itong laman ng kanyang isipan. Mula nang makilala niya ito, binagabag na siya ng alaala. Kahit gusto niyang hanapin sa social media, hindi niya naman alam ang pangalan. Ni hindi nga niya nakuha ang plate number.

Isinuot na nito ang helmet. Tumakbo na si Lupe at bago pa mapatakbo ng lalaki ang motorsiklo ay humarang na siya sa harap nito.

"Wait!" Itinaas niya rito ang magkabilang kamay habang taas-baba ang dibdib sa hingal. "Utang-na-loob, lalaking mahahaba ang biyas, wait lang!" Naitukod niya ang mga palad sa tuhod. "Wait lang, please."

Hinubad naman nito ang helmet, nakakunot ang noo pero may ngiti sa labi.

"Kumusta?" anito.

Shet, ang guwapo lalo kapag nakangiti.

Biglang napangiti si Lupe. Naaalala pa siya nito! Pero siguro nga ay imposible siya nitong malimutan. Hilahin ba naman niya sa kung saan at gawing bodyguard.

"Okay lang. Sorry, ha? Kasi nakita kita kaya hinabol kita. Para kasing hindi kita napasalamatan nang maayos. A-ano nga pala'ng name mo?" Lord, please, kailangan niya talagang malaman para kahit magkahiwalay sila, puwede niyang ma-stalk sa social media. Sana hindi naka-private ang profile.

"Lucio," sagot ng mandirigma, bumaba sa motor para iabot sa kanya ang kamay na agad niyang tinanggap. Mainit ang palad nito, malaki, parang kayang durugin ang palad niya. "And you?"

"Ha?" sambit niya, nakatitig sa mukha ng lalaki. Napalunok siya, malakas ang kabog ng dibdib. Bakit siya nagba-blush sa tingin ng lalaki?

Lumapad ang pagkakangiti nito. "What's your name?"

"Ha? Kuwan…" Naghagilap siya ng isasagot dahil—*lintek na!*—loading bigla ang utak niya! "Ano'ng apelyido mo? May Facebook ka ba? IG? TikTok?" tanong niya

dahil ang nangunguna sa isip ay ma-stalk ang guwapo, kahit pa nga parang ang hirap ma-imagine ang lalaki sa TikTok na sumasayaw o nag-i-"storytime." Parang hindi ito ang tipong gagawa ng ganoon. Pero kung gusto nitong sumayaw na mala-Magic Mike, push! Handa siyang manood forever after.

"Lucio Serrano," sagot nitong nakangiti pa rin. "What's your name?"

"Maria Guadalupe G. Bayot," pagre-recite niya, kinabog lahat ng grade one. "L-Lupe na lang."

Nagkatunog ang ngiti ng lalaki, halatang aliw na aliw sa kanya. Pinakawalan nito ang kanyang kamay. "Are you busy, Lupe? `Wanna grab something to eat?"

Nang layasan niya ang pila ay wala pang kasiguruhan kung aabot siya sa araw na iyon at pa-lunch break na rin. Puwede naman siguro siyang sumama kay Lucio na mag-lunch saglit. Hindi naman siguro mawawala ang numero niya. Sana lang huwag magyaya sa mamahalin ang lalaki dahil tatlong daan

lang ang cash niyang dala.

Tumango siya. Binuksan ng lalaki ang compartment sa likod ng motor at inabutan siya ng isang reserbang helmet. Ang bango, tulad pa rin ng dati. *Amoy-sariwang love life. Charot! Hashtag: fresh. Hashtag: bekenemen. Hashtag: mayforever.* Ewan, basta kinikilig talaga siya sa lalaking ito.

Sumakay na sila sa motor at pinaandar na nito iyon. Ilang minuto ang biyahe hanggang sa pumasok ang motor sa basement ng isang hotel. Kinabahan si Lupe. Bigla niyang naalala ang naging usapan nila ng lalaki noon. Lumalabas na hindi lang basta eyeball ang purpose ni Lucio sa kakatagpuin sana kaya iba ang naging interpretation nito sa naging takbo ng usapan nila, lalo na sa salitang "bumayo."

"Huy!" sambit niya sa maliit na tinig. Nabigla rin siya sa sarili. Bakit imbes na nakabibinging pagtutol, tunog kuting siya?

Tumingin sa kanya si Lucio, nakakunot ang noo sa gawing nagtatanong, may ngiti sa

labi. Napaka-charming ng lintek! Sino kayang babae ang hindi bibigay dito, sa true lang. Siya ngang walang experience na higit sa *momol*, dumaan na agad sa isip ang posibilidad. Para kasing ang sarap maging marupok sa lalaking ganito kabarako at iyon bang subok na niyang kaya siyang ipagtanggol kahit na pisikalan pa. May something doon na hindi niya ma-explain, basta't para bang ang lakas makarupok.

"B-bakit dito?" sambit ng pussycat.

"They have a good restaurant. Come."

Namutlang bigla si Lupe. Naloko na. Tatlong daan lang ang laman ng wallet niya, at hanggang Biyernes na niyang budget iyon. Martes pa lang. Oo, meron pang konting laman ang kanyang GCash pero wala siyang trabaho! Ililibre kaya siya? Paano kung hindi? Paano kung pagdating ng bill, saka sabihin na KKB? At oo, may karapatan itong magpalibre dahil ito ang dahilan kaya niya nabawi ang pera niya. So sige, bahala na. Ang kaso, nakarating na rin naman siya sa mga

mamahaling restaurant at alam niyang mahina ang kuwatro mil doon. Kahit sa Yakimix, okay na siguro. Pero baka naman sabihin nitong nagboluntaryo pa siya ng ten percent noon pero ngayon, bigla siyang magba-back out. So sige, tatanggap na lang siya ng labada.

Hindi siya umimik at sumama na lang sa lalaki. Tumuloy na sila sa restaurant ng hotel. Mukhang suki ang lalaki dahil binati ng waiter. Ibig sabihin, madalas itong doon kumain. So mayaman. Well, halata naman dahil BMW ang motorsiklo. So kung mayaman naman pala, hindi naman siguro siya pagbabayarin? Pero maganda na rin ang sigurado kaya nang makaupo, nilinaw niya agad.

"Lucio, kuwan, wala akong budget, ha?"

Tumawa itong bigla. "Their water is free."

Napanganga siya. Lalo na itong tumawa, inabot ang kanyang kamay at mabilis na pinisil. "Relax. You're hilarious. I'm only joking. Order anything you like, kitten, it's on

me."

Napaingos siya, nakangiti, mayroon ding kung anong nadama sa pagtawag nito sa kanya ng "kitten." Para bang ang sweet-sweet. Binuklat na niya ang menu at muntikang mapasipol sa nabasang presyo. Isang salad pa lang, seven hundred hanggang dalawang libo ang presyo. Puwede kayang magtubig na lang siya at kunin ang cash equivalent ng oorderin niya? Gusto niyang matawa sa naisip.

Dahil wala siyang ideya kung ano ang pinakamasarap at mukhang mahilig sa masarap ang kasama niya, ginaya na lang niya ang order nito. Isinara na rin niya ang menu. Nailang siya dahil namayani ang katahimikan. Nakatingin lang ang mandirigma sa kanya, may ngiti sa mga labi. Walang maisip sabihin si Lupe. Siguro nga ay nakakatunaw ang tingin dahil parang natunaw ang utak niya. Sa daldal niyang iyon, wala siya biglang maapuhap na sabihin. Mabuti na lang at ito na ang unang nagsalita.

"How have you been since the incident?

Inistorbo ka pa ba niya?”

“Ni Artemio? *Hinassle* kamo ako noong kabs niya. Boss ko kasi `yong babaeng `yon. Hula ko, nagkakilala sila noong last party kasi sinundo ako ni Artemio noon, eh, nandoon din si Merlyn. Ginawan ng paraan ni Merlyn para masesante ako. Pero sa totoo lang magre-resign na rin naman ako dahil alam ko namang pepersonalin ako, eh. Taga-HR pa kaya kahit magpalipat ako ng department, wala rin. Ang kaso, gusto ko sanang makakita muna ng malilipatan. Pero wala, eh, inunahan ako. Hindi talaga pumayag na hindi makaganti. Ang lakas nga rin ng loob, eh. Kasi `di ba nakunan siya ng video ni Erlinda? Pero siyempre, naisip kong hindi ako ang maglalabas no’n sa asawa niya. At siguro, kung malakas ang loob, baka naman hiwalay na rin. Ewan. Hindi rin ako interesadong malaman. Masyadong toxic ang sitwasyon nilang dalawa, ayoko nang makisali. Pero `ayun nga, jobless ako ngayon at nag-a-apply ng trabaho. Kaninang nakita kita, nandoon

ako sa agency. Nakapila."

"I'm very sorry to hear." Mukhang genuine ang pagkalungkot nito sa sitwasyon niya.

Nagkibit siya ng mga balikat. "Gano'n talaga'ng buhay. Ikaw, may girlfriend ka na ba? Tagasaan ka?"

Ngumiti ito na mabilis nauwi sa pagtawa. "No girlfriend."

"Puwedeng mag-apply?" pagbibiro niya.

Ang lakas ng tawa ni Lucio. Mukhang agad nitong nasakyan ang biro at hindi naman na-offend o minasama iyon.

"Tell me about yourself, Lupe," anito nang maisilbi na ang inumin.

"Ordinaryong tao lang ako. Ikaw?"

"Hulaan mo." Ang ngiti nito ay parang nanunukso, para bang sinasabing dahil masyado siyang atat ay ibibitin muna nito ang impormasyon.

"Ahm… Siguro madami kang chicks. Mayaman ka kasi. Ang pogi mo rin, macho ka pa. Ang laki mong tao. Ang laki-laki rin ng kuwan mo… `yong ano… `yong… Ano

ba'ng tawag do'n?" Loading na naman ang utak niya!

Humalakhak ang lalaki, saka niya naunawaan na ang sagwa palang pakinggan ng sinasabi niya.

"Grabe ka! Ang tinutukoy ko, eh, `yong nakakaramdam ka ng kuwan sa kapwa mo. `Yong same-same. `Yong relate ba. Kasi tinulungan mo ako, `di ba? `Yong nakaka-relate ka ba kahit hindi tayo magkatulad ng buhay. Nalilito kasi ako kung sympathy o empathy ba `yon. Malaki `yong… `yong eme mo sa gano'n. Grabe ka. Hindi ko sinasabing malaki ang kuwan mo… Pero siguro din. Alangan namang ganyan lang kaliit." Inilapat niya ang hinlalaki sa unang guhit ng hintuturo.

Muling humalakhak ang lalaki, dahilan para mapatingin sa kanila ang ibang kumakain. Kahit kasi ang tinig ni Lucio ay malaki rin.

"You are hilarious!" anito.

"Alam mo, kung masaya ka sa isang tao,

dapat hindi mo pinapakawalan. Char," patuloy niyang pagbibiro.

Noon dumating ang kanilang pagkain. Amoy pa lang, parang nalalanghap na niya ang isang masaganang future sa piling ni Lucio.

"So ano, sagutin mo na ako. Charot," patuloy niya. Hindi rin niya alam kung anong espiritu ang sumanib sa kanya. Palabiro siya, makulit, at maingay, pero hindi siya nagbibiro sa mga ganitong bagay.

"You know what? Maybe I can actually hire you to be my girlfriend."

Natawa siya at nagbiro. "Uy, nagbibiro lang ako. Fifty K a month ba ang sahod diyan?"

"Hindi ako nagbibiro. Fifty K? Game."

Mukhang seryoso nga ang lalaki kaya biglang natulala si Lupe. Wait, ano ang nilikuan ng kanilang usapan? Joke-joke lang ang mga binitiwan niyang salita, naglalandi lang siya, pero bakit nauwi sa presyuhan? At kahit pa sabihing wala na siguro siyang

mahihiling pa kung si Lucio ang magiging boyfriend niya, hindi pa niya ito ganap na kakilala. Sa panahon ngayon, mahirap na. Baka mamaya ay nananakit pala ang lalaki.

"Kung totoo `yan, bakit mo naman kailangan ng pretend jowa?" tanong niya.

Itinaas nito ang mga balikat. "To get my folks off my back, I suppose."

"Sobrang pressure ba? Ang hirap sigurong maging mayaman, may mga ganyang problema. Samantalang kaming mga dukha, mas gusto ng parents naming `wag muna kaming mag-asawa dahil may pag-aaralin pa kaming limang kapatid at sampung pamangkin na mag-aahon sa angkan namin sa laylayan, gano'n."

Tumawa ito pero sinabi, "That's very sad, but you're funny. I like you a lot. Sa tingin ko, magkakasundo tayo."

"Pero grabe, ha? Magpe-pretend lang akong jowa mo, babayaran mo na agad ako ng seventy K? Bakit naman ginawa mong eighty K? Sobra naman, nakakatuwa. Biruin mo

`yon, ninety K?" patuloy na biro niya. Hindi pa rin kasi niya alam kung totoo ang offer nito. May isang bahagi ng isip niya ang nagdududa pa rin at nagsasabing anumang sandali ay sasabihin nitong, "It's a prank!"

Tawa nang tawa ang guwapo, saka sinabi, "Let's make it an even hundred grand. Take it or leave it."

Napanganga si Lupe. Totoo ba talaga ito? Gaano kayaman ang lalaki para ora-oradang magdesisyong makakaltasan ng one hundred K ang pera nito buwan-buwan para sa isang empleyadong basically ay magpapanggap lang na syota nito, at iyon lang! Bigla siyang nagseryoso dahil kung totoo talaga ito, aba, talagang seryosong usapan ang one hundred K monthly.

"Palabas lang ba `yan talaga? Baka mamaya may inaasahan kang *happy ending,* ha? Isa akong babaeng marangal."

"We won't do anything you don't like," pangako nito, sabay kindat. Para bang sinasabing kung may magiging happy ending

man ay gugustuhin din niya iyon. Bigla tuloy kumabog ang kanyang dibdib.

Nahuhulaan yata ng lalaking ang babaeng marangal ay babaeng marupok ang mga bagay na naiisip kapag involved ito. Ano ba ang isasagot niya? Siyempre, hindi na siya dapat tumanggi. Pero siguro din ay shocked pa rin siya sa offer.

"Think about it while you're eating. The offer is good until we finish our meal," anito.

Napapaisip si Lupe. Hindi naman kaya at pagkatapos ng trabaho niya rito ay gutay-gutay na ang puso niya? Ito ang tipo ng lalaking kapag nahiwalay sa `yo ay talagang luluha ka ng bato. Pero kung iyong ibang ex nga niya, iniyakan niya nang libre, bakit hindi pa niya tatanggapin ang alok? At kung wasakin man nito ang puso niya, at least binayaran siya ng isandaang libo kada buwan. Ang mga ganitong alok, hindi na pinaghihintay.

"Push na natin `to, boss. Basta `wag mong tuksuhin ang babaeng marangal. Minsan

mahina ako sa tukso, lalo na kapag guwapo."

"Sorry. I can't promise you that." Tumitig ito sa kanya, inabot ang kanyang kamay at hinagkan.

Magkakasunod ang naging paglunok niya. Sinasabi na nga ba niya, dapat pinataasan niya ang talent fee dahil mukhang mapapasubo siya. Tumikhim siya, pilit binura ang pagkailang. Babaeng vakla lang siya pero ang totoo, pinagtatakpan lang niya ang mga insecurity at problema sa buhay na matagal nang bitbit. Lalong hindi siya sanay makipagharutan, lalong-lalo kung sa tulad ni Lucio. Ni hindi niya maintindihan kung ano ang nakita nito sa kanya para kuning pretend girlfriend, pero sino ba siya para magreklamo?

Gayunman, tinanong niya pa rin ang lalaki, "Bakit ako, Lucio?"

"Fate?" anitong halatang sinabi lang iyon. Mukhang hindi ito ang tipo ng taong naniniwala sa tadhana. Pero kiber. May one hundred K a month siya. Push na ang zarzuela!


Scandalous 2
DELICATE
VANESSA

# DELICATE

## BOOK 2

VANESSA

# CHAPTER ONE

The sourdough bread was perfect. Nakangiti si Felicty habang kinukunan ng picture ang mga tinapay sa ibabaw ng counter. Ang dalawa ay ipapadala niya sa mommy niya at tiyahin, habang ang isa ay para sa kanila ni Pablo. She posted the picture on her Instagram. Doon na lang niya naipapakita ang husay sa pangungusina. But she was happy she chose this life with Pablo anyway. Ano pa ba ang mas fulfilling kaysa sa pagiging isang homemaker sa perpektong asawa?

Madaming babae ang makikipagpatayan para sa posisyon niya. Pablo was an amazing man.

Nagpasya siyang puntahan ito sa garahe. Naglilinis ito ng kotse. Napangiti siya habang nakatingin dito. She was still in love with him after twelve years of marriage. He was still as handsome as the day they first met. He was tall, fair, clean-shaven. Isa itong Chinese mestizo. Mukhang tipo ng lalaking masarap ipakilala sa mga magulang dahil pagkakatiwalaan agad. He was an excellent provider, too.

Ang tanging kulang na lang talaga sa kanila ay isang anak. Pangarap nila iyon pareho pero sadyang hindi pa siya nagbubuntis. Sa ngayon, nagtatangka silang bumuo ng anak. Hindi siya kailanman nakalimot sa pag-take ng fertility medicines at mismong si Pablo ang nag-i-inject sa kanya niyon. Pero siguro, hindi pa talaga panahon.

"Hey there, handsome," nakangiti niyang sabi.

Tumingin ito sa kanya, saka ngumiti rin. "Hey, beautiful. Let me just finish this, hon. Oh, by the way, would you mind paying the

Internet bill? Nawala sa isip ko. You know my password. Just use my bank app. Nasa sala ang phone. Thank you."

"Would you like something to eat after washing the car? The sourdough bread is fresh out of the oven. How about a nice sandwich?"

"Sure. Anything you make is great, hon."

Hindi na nabura ang kanyang ngiti. Pakiramdam niya ay siya ang pinakasuwerteng babae sa mundo sa pagkakaroon ng isang asawang tulad ni Pablo. Pumihit na siya at tumuloy sa loob ng bahay. Nag-login siya sa bangko gamit ang phone ng asawa. Nagbayad na nga siya ng internet bill. Tiningnan na rin niya kung bayad na ang ibang bills dahil baka nalimutan din nito. Nakabakasyon ang assistant ni Pablo na siyang karaniwang nag-aasikaso ng bills kaya siguro nawala na sa isip ang lahat ng iyon.

Bayad na ang credit card bill pero nakakagulat ang laki niyon. Noong siya pa ang namamahala ng pagbabayad ng bills ng asawa ay hindi kailanman umabot ang

monthly bill nito nang ganoon kalaki. Na-curious siya at tiningnan ang monthly statement dahil wala naman itong big purchases nitong nakaraan.

Ang pinakamahal na purchase sa listahan ay mula sa paborito niyang jewelry store. Her heart skipped a beat. Bukas na ang anniversary nila. Halos sigurado na niyang iyong nagustuhan niyang kuwintas ang binili ni Pablo. Last month ay nakita siya ng asawang nag-bookmark sa magazine ng isang alahas na gustong-gusto niya. Being the perfect husband that he was, Pablo remembered. Of course, he did.

Itinabi na niya ang phone at tumuloy sa kusina para ipaghanda ang lalaki ng sandwich. Gourmet quality, siyempre. Bago siya naging plain housewife ay isa siyang chef. She was making a big name for herself, but she left it all without a second thought. Pablo promised her that starting a family would be worth it. At kahit na wala pa rin silang anak, masasabi niya namang masaya siya sa buhay.

She had coffee while Pablo had a sandwich. Binabantayan din niya ang pagkain dahil kailangan niyang i-maintain ang timbang at kalusugan para mas mabilis siyang magbuntis. Besides, Pablo liked skinny girls.

Kinabukasan, tulad ng plano ay nag-date sila sa favorite restaurant nila. Oh, Pablo was super handsome. She let him order for them. It was such a fun night. Binalikan nila ang unang pagkikita nila, ang unang date, ang first kiss, their wedding. It was a magical evening. Hanggang sa hawakan nito ang kanyang kamay at hagkan. Inabot nito sa kanya ang isang envelope. Nagtatakang kinuha niya iyon.

"Happy anniversary, love," anito.

Binuksan niya ang envelope ay naguluhan. Itinerary para sa isang cruise pero hindi pangalan ni Pablo ang naroon kasama ng pangalan niya kundi pangalan ng mommy niya.

"I don't understand."

"Matagal mo nang sinasabi na gusto ni

Mommy na makasama ka sa cruise. Sabi mo gusto mo rin siyang makasama, that you miss her so much also. So there you go. It's just going to be for two weeks. After that, we'll spend a week together."

"Oh." Napatango siya kahit biglang ginapangan ng kung anong kilabot. "Thank you, Pablo."

She waited for the jewelry. Pero ilang araw na ang lumipas ay hindi pa rin iyon dumating. Nagsimula na siyang maghanap ng resibo. Itinatago nito ang lahat ng iyon for tax reasons. Mabilis niyang nakita ang mga impormasyon tungkol sa alahas. Tama ang una niyang hinala, ang bracelet ay iyong nagustuhan niya at tinandaan mula sa magazine. Pero ang nakasulat doon base sa engraving instructions ay isang endearment na hindi kailanman ginamit ni Pablo sa kanya.

*To my Hot Bunny, Always, Pabs*

Pakiramdam ni Felicity ay sasabog ang ulo niya.

"ANAK, I LOVE you so much, so please remember that I'm saying this with a lot of love—napakatanga mo!"

Napanganga si Felicity sa mommy niya. Kapapasok pa lang nila sa cabin. Napilitan siyang umamin ng pagdududa sa asawa dahil tanong ito nang tanong kung bakit parang hindi daw siya mapakali.

"Mommy!" angal niya agad, hindi makapaniwala sa sinabi nito.

"Pinalaki ba kitang ganyan? Get your bag before this stupid ship sails! Bilisan mo bago kita masakal na bata ka!" Labas na ang litid nito sa leeg.

"Mommy, sayang naman ang gift ni Pablo. Like I said, I trust him. Without trust, we have nothing," aniya, hindi sigurado kung sino ang mas kinukumbinse sa pahayag, ang mommy niya o ang sarili.

"Tanga!" singhal ng matanda, saka siya niyakap nang mahigpit. "Sorry, anak, pero bilisan mo bago maubos ang pasensiya ko sa

`yo!"

Napilitan na siyang sumama rito. Nagmamadali na silang bumaba sa barkong mayamaya lang ay aalis na.

Panay ang paglilitanya ng mommy niya habang hila-hila nila ang kanya-kanyang maleta. Mabibilis ang kanilang paghakbang. Her mother was a slender, energetic woman in her seventies. Good genes plus yoga, mukha itong nasa fifties lang. Palaging bob cut ang gupit nito na hanggang tainga, itim na itim ang kulay. Madalas silang mapagkamalang magkapatid.

"Kasalanan ko siguro ito," anito. "Pinagtakpan ko ang mga ginawa ng Daddy mo. But what's a mother supposed to do anyway? Tell her children that their father is the world's sleaziest son-of-a-bitch who would sleep with any Maria, Juana, and Inday he meets?"

Napabuga siya. "Mommy, please, `wag nating sayangin ang tickets dahil lang may issue ka pa rin na iniwan ka ni Dad. Pablo is

different."

"Excuse me!" Pumihit ito. "Hindi ako iniwan ng Daddy mo! Ako ang nang-iwan sa kanya! He slept with everyone! Even with your favorite yaya and three of your four ninangs! O, di nagulat ka ngayon? Kaya makinig ka sa `kin! May ilang dekada akong experience sa ganito. Now, book us a flight back home and we will get to the bottom of this! I never trusted that husband of yours, if I'm being honest!"

Nabigla siya sa narinig. "You never told me that."

"Alangan namang sabihin ko sa `yo, eh, in love na in love ka? Eh, di isusumbong mo ako sa asawa mo at kalaunan, gagawin pa niyang katwiran para hindi na kita makita. I've seen it happen many times, mga magulang na pinintasan ang asawa ng mga anak. But I never liked Pablo. You met him at your prime. You had just been offered an apprenticeship under one of the best innovators in… what's that called again?"

"Molecular gastronomy," pabuntong-hininga niyang sabi.

"Yes, that. That was your dream, hija! Isa-dalawang taon lang naman sa Spain para sa isang highly coveted apprenticeship! Others would kill for that. Pablo proposed, kahit alam niya naman na importante ang pangarap mo. And then he locked you up in that mansion, made you his personal slave."

"Mom, that's not true," protesta niya.

"Maybe not technically. But he stunted your growth, your career in the culinary world. Sabi mo sa akin, supportive siya pero bakit sa lahat ng plano mong magtayo ng negosyo, palaging ang dami-dami niyang rason para hindi mo ituloy? Ang ending, nasa bahay ka lang, pinagsisilbihan siya.

"And you kept this from me for twelve years?" Parang sumakit ang ulo niya.

"Of course. But every time you'd send me your pastries and breads, or any new dish you came up with, or even your business plans—none of which your horrible husband

approved—it broke my heart, anak. Kasi alam kong ang dami mong gustong i-pursue pero ginawa kang Stepford wife ni Pablo. I don't even know how he was able to make you believe that that's what you wanted in life. Don't get me wrong, hija…" anitong nagpatuloy sa paglalakad. "Some women like to be plain housewives and there's nothing wrong with that. Pero kilala kita. I saw how hard you worked to reach the top. Boss ka na noon, you were only twenty-four! But Pablo needed a personal chef, I suppose. Oh, I'm sorry, hija. Ang tagal kong kinimkim nito!"

Hindi na alam ni Felicity kung ano ang uunahing isipin. Ngayon pa talaga sumabay ang mommy niya.

Sa lobby ng opisina ng cruise ship ay nag-book siya ng flight pabalik sa Maynila mula Singapore kung saan sila naroon. Doon magsisimula ang cruise na hindi na nila itutuloy. Eksakto, may flight in three hours. Nagpahatid na sila sa taxi sa airport.

"Mom, if this is just a misunderstanding,

you will regret what you said about Pablo," aniya sa ina habang nasa eroplano na sila.

"`Tell you what, if I'm wrong, I will wash Pablo's feet. If I'm right… Well, can you leave him? O pagtitiyagaan mo pa rin? Aba, pag-isipan mong maigi."

"What made you stay with Dad?" bigla niyang naitanong.

"He was a terrible husband but a good father, so I didn't leave initially. Nakinig din ako sa lola mo, ang sabi bakit ko daw paliligayahin ang kabit, na ipaglaban ko raw ang asawa ko. Isang araw, nagising akong ang tanong sa sarili ko, talaga bang sinasakripisyo ko ang sarili ko para maging 'miserable' ang kabit? At ano ang ipaglalaban ko? Kanino? Sa kabit? Ano `yang daddy mo, lupain na dapat ipaglaban? Akong asawa ang lalaban sa kabit? Stupid. What a joke. The moment I realized that, I said I'm done. I asked him to leave.

"I'm lucky though. Hindi naman lahat ng babae may resources iwan ang mga manlolokong asawa. O, di nang wala na ang

daddy mo, ang saya ko. Na-realize kong ang iksi ng buhay para tiisin ko siya. It was not easy, of course, kasi sanay ka nang nandiyan, eh. Ang tagal naming nagsama. But it was just harder to keep fighting a losing battle. I asked myself, how many times is this man going to put what's between his legs above all? I decided I was going to love myself this time. Kasi sa tagal ng panahon, Daddy mo ang inasikaso ko. Palagi kong pinapatawad kasi ayaw ko naman kakong masira ang pagsasama namin sa isang pagkakamali lang. Pero ang isa naging dalawa, tatlo, apat. Kahit anong kompromiso, nauuwi pa rin doon. Sabi nila, 'palibhasa lalaki' daw. Lecheng katwiran `yan. So stupid," patuloy ng kanyang mommy.

Natigilan siya, hindi malaman kung maiiyak para sa mga magulang, para sa mga lihim ng kanyang mommy na matagal nitong kinimkim, o para sa nagbabadyang problema sa relasyong pinakamahalaga sa kanya, ang sa kanila ni Pablo.

"How do I know where Pablo is?" tanong

niya mayamaya. Ni hindi niya alam kung paano sisimulan ang imbestigasyon.

"Pinapunta ko na ang Tita Gina mo sa inyo. Mamaya, magme-message na `yon. Can we turn the wifi on now?"

Binuksan nga nito ang phone at kumonekta sa wifi ng eroplano. May voice recording na padala si Tita Gina, ang kapatid na bunso ng mommy niya, happily single.

"Eksakto pala ang dating ko, paalis na si Pablo. I'm tailing him," anang unang voice message ni Tita Gina. At ang sumunod na padala nito ay sinabi, "Pumasok na siyang NLEX."

Mayamaya ay sinabi na sa anunsiyo na i-switch off na ang mga device. Palapag na sila sa NAIA. Sa sandaling puwede nang buksan ang phone ay kulang mabitiwan niya ang gadget sa pangangatal ng mga kamay. Pumasok ang isang picture message.

Natulala siya.

"Hija, are you okay? Patingin!" Hinablot ng mommy niya ang phone.

Pakiramdam niya sa mga sandaling iyon ay tinakasan na ng lakas ang buong katawan niya. One picture meant the end of all her dreams and the crumbling of all her plans with the man she vowed to love forever, and who vowed to love her forever, too.

"Who is this little tramp?!" tanong ng mommy niya.

Muli niyang tiningnan ang picture para makatiyak. Nakakasuklam ang larawan. Si Pablo, may kahalikan. Ang mga kamay ng lalaki ay nasa pang-upo ng babae, habang ang babae naman ay nakayakap sa leeg nito. Masaklap na ngang ganoon ang posisyon ng mga ito, kilala pa niya kung sino ang babae.

"Impossible…" nanghihinang sambit niya, hindi pa rin makapaniwala.

How can Pablo be involved with Madison, of all people? She was her best friend's little sister. How old was she, nineteen, twenty? She was a very troubled teen, alam iyon ni Pablo. Lahat ng kuwento ni Helen tungkol sa nag-iisang kapatid ay sinasabi sa kanya at

naikukuwento niya sa lalaki.

Pablo knew Madison got pregnant at sixteen, and twice more after that. She had two miscarriages, too. Palagi nitong pinapasakit ang ulo ng mga magulang at kapatid kaya ito pinadala sa Pampanga, sa bahay ng mga ito doon. Kailangan daw itong maiiwas sa mga kabarkada sa Maynila.

Apparently, Pampanga was not far enough for her husband.

"Anak, sino ang babaeng `to?" untag sa kanya ng ina.

"M-Madison, Helen's little sister. H-how can he…? How can he do this to me? I gave him the best years of my life… How… h-how can this happen…?" sambit niya, saka napahagulhol sa mga palad.

# CHAPTER TWO

***Eight years later…***

"Hindi ko alam kung bakit ayaw mong makipag-date. Hija, baka naman magsara na \`yan. Aba'y sayang naman!" Itinuro ni Tita Gina ang pagitan ng mga hita ni Felicity.

Tita Gina was a slender woman like Felicity's mom. Mukhang kambal nga raw ang mga ito, maliban sa tuwid na tuwid ang signature ear-length bob cut ng mommy niya, habang ang hairdo ni Tita Gina ay palaging mahaba at kulot, reddish brown ang hair color.

Napatawa si Desi, ang assistant pastry chef

ni Felicity. Nasa kitchen sila ng bakeshop.

"Tita, please," irap niya habang hawak ang isang piping bag, nagko-concentrate sa pagpapipe ng frosting ng cupcake. Isang cupcake bouquet ang order ng isang celebrity. Alam niyang kapag na-post sa Instagram ay malayo ang mararating.

Not that she needed any promotion. Kahit bago lang ang bakeshop ay napakadami na niyong suki mula sa dati niyang higit na malaking bakeshop. She just sold that business. Isang malaking kompanya ang nakabili, ang may-ari ng mga sikat na fast-food chains sa bansa at gustong gawing chain ang bakeshop na pinasikat niya. She sold the name, all the recipes, all the stores, the franchises, everything.

Ang bakeshop niya ngayon ay binuksan niya nang mabilisan, para lang hindi mawalan ng trabaho ang ilang mga pioneer ng bakeshop. Kasosyo ang mga ito sa negosyo. Ang mga ito lang ang rason kung bakit naroon pa siya dahil sa totoo lang, napapagod

na siya sa ganoong klaseng buhay.

Baking and cooking had become a job. At okay lang naman din sana, kaso lang ay may kasamang matinding accounting at marketing, product development, and so much more. It was taking its toll on her.

Napabayaan na niya ang sarili. She gained twenty kilos, her skin and hair were dry, and she did not feel good about herself anymore. Gusto niya ng pahinga. Pinapangarap niya na magkaroon uli ng oras para ma-appreciate ang kagandahan ng mundo. She wanted to read books, do yoga, enjoy her kitchen and her home. Hindi iyong paggising pa lang niya sa umaga ay na-stress na agad siya sa dami ng gawain sa araw na kasisimula pa lang. Wala siyang pakialam kahit malaking pera ang mawawala sa kanya dahil higit pa sa sapat ang mayroon siya.

Mula siya sa may-kayang pamilya. Bukod doon, may nakuha rin siya nang maghiwalay sila ni Pablo. Malaki, actually, dahil wala silang prenup. Ang bobong ex niya, hindi

inakalang kukunin niya ang ganang kanya ayon sa batas out of principle. Ano ito, sinusuwerte? He begged her not to take half of the assets that he acquired while they were married. She refused. At hindi nito nagawang itago ang mga iyon dahil ang unang payo ng kanyang ina ay ang ilista ang lahat ng assets bago niya ihain ang annulment, sa gayon ay hindi nito maitago.

Lahat ng nakuha niya sa dating asawa ay nasa bangko lang, nagpapahinga at nagpapalaki ng interes. Ang sarili niyang pera ang ginamit niya sa Felicity Lee's, na ngayon ay pag-aari na ng isang food conglomerate. She sold it for an insane amount of money. Madami ang nanghinayang, pero ang sabi ng mommy niya, may mga bagay sa mundo na hindi kayang bilhin ng pera. Tama ito.

Sa ngayon ay naghahanda siya sa isang mahabang bakasyon. Hindi lang niya basta maiwan ang Caramella Jones', ang bago niyang bakeshop na fifty percent ay pag-aari ng mga empleyado. Nakabili siya ng isang

malaking lupain na balak sana niyang unti-unting pagyamanin, gawing farm. That was her new project. Pero hindi tulad ng bakeshops, walang pagmamadali ang gagawin niya sa farm. And anyway, ang main attraction niya sa pagtatanim at pagpapayaman ng kalupaan ay ang oras na kailangan niyon. It was the slow pacing of the farm life that attracted her to it. Ayaw na niya ng fast-paced living.

At wala siyang balak makipag-date. Malayo iyon sa isip niya.

"`Wag mo nga akong ma-'Tita, please'-'Tita, please' diyan, hija. Ang sabihin mo, 'titi please!"

"Tita!" sambit niyang nabigla pero napailing na lang sa kamalditahan ng matanda.

Humagalpak na si Desi, maging ang ilang kitchen staff na nakarinig sa usapan.

"Hija, tell your boss how fun it is to date," udyok ni Tita Gina kay Desi. "I do it and I'm sixty-seven. Who would've thought I could

get men as young as fifty on those apps? And they like dating older women, too! More experience, they say."

Tumirik ang mga mata niya. "Not my priority."

"Kaya ang yabang-yabang ni Pablo, eh, kasi wala ka pa ring nagiging boyfriend after him."

"Ugh!" Umay na umay siya. Naitirik niyang muli ang mga mata. "Wala akong pakialam sa lalaking `yon, Tita. He's happily married with kids. So what if Madison is sleeping around? I heard her latest boyfriend is twenty-one."

Mismong si Helen ang nagkukuwento sa kanya ng mga iyon kahit hindi siya nagtatanong. Nanatili silang magkaibigan ng babae. Hindi nito alam ang ginawa ni Madison noon at sinugod nito ang kapatid nang malaman. Ang totoo, wala na siyang madamang kahit na ano para kay Pablo, kundi pandidiri. He literally had an affair with a woman they were supposed to see as a

younger sister. It felt so wrong. At parang pinanindigan pa nito ang kamalian, pinakasalan pa ang babae. He was a moron.

"Ang point ko, hija, makipag-date ka for fun. Try it. Ang dami-dami nang uso ngayon, alam mo ba `yon? Goodness me, noong panahon ko, pinaka-wild na ang sixty-nine. Ngayon meron nang mga 'choke me, daddy,' hija. Grabe na ang—"

"Tita, ano ba `yan?" saway niya rito.

"Lumaki ka ba sa kumbento?! Parang mas matanda ka pa sa `kin!" Pinandilatan siya nito.

Napabuga siya. Maybe what Pablo said was true. That she was boring. Vanilla. That was all she could offer him, he said. Nagsawa raw ito sa buhay nila, lalo na sa kanilang sex life. Kaya naghanap ito ng isang wild and freaky. And it was so painful to know that because all that time, she thought they were a team, that they were building a life together. Na kung may problema pala ito sa sex life nila ay dapat na sinabi nito dahil puwede naman

siyang sumubok at mag-aral ng mga bagong posisyon. Ano bang malay niya sa gusto nito?

Ang pinakasaklap sa lahat ay para bang sinukat siya ng dating asawa sa abilidad niya sa kama at bagsak siya sa criteria nito. And in the end, siya pa ang lumalabas na may kasalanan kaya sila naghiwalay, dahil hindi niya kayang ibigay ang gusto nito.

"Akin na nga `yang phone mo!" Hinablot ni Tita Gina ang phone mula sa mount. "My, my, look at this girl. May app naman palang naka-install, but oh so sad, asking for an update na ang app. Inamag na, hindi man lang yata napakinabangan? Parang `yan." Ngumuso ito para ituro ang pagitan ng mga hita niya.

"Tita, please, give me my phone!" aniya.

Pero wala siyang balak makipag-agawan, lalo na at may hawak pa siyang piping bag. Naitirik na lang niya ang mga mata, ipinagpatuloy ang ginagawa habang abala ang tiyahin sa pagpindot sa phone. Ewan niya kung para saan pa ang date kung pupunta na

rin siya sa farm in a week or two. Doon siya mas excited. Besides, pare-pareho lang naman ang mga lalaki.

Mayamaya ay ibinalik ni Tita Gina ang phone sa wall mount.

"You have a date on Friday, hija. Very good-looking guy. Looks like he has a big penis."

"Tita!"

"Titi please!" pakantang sabi nito na parang opera singer, saka tumawa. "Do not cancel, hija. Do this for yourself. Magbaon ka ng masarap na alaala, at magbaon ng malaking *titi please* bago ka magpakaburo sa probinsiya!" Muli, may tono pa ang pagkakasabi nito sa nadiskubreng bagong pang-inis sa kanya.

Napabuntong-hininga na lang siya, saka inabot ang phone. Tiningnan niya kung sino ang napisil ni Tita Gina na i-date niya. Nang makita ang picture ay napatingin siya sa tiyahin.

"What?" angal nito.

"Of all the men on this app, you chose this… this…" Parang sumakit ang ulo niya. Mukhang kriminal ang napili ng tiyahin niya. Alam naman nito kung ano ang tipo niya dahil bata pa lang siya ay close na sila, kaya bakit iyong ayaw na ayaw niya ang napili nito? It was a hairy tattooed guy.

"Just give it a try!"

Wala na siyang nagawa kundi ang tumango. Fine.

"WHAT AM I even doing here?" bulong ni Felicity sa sarili habang nasa loob ng sasakyan sa parking area ng restaurant kung saan sila magde-date ng lalaking napisil para sa kanya ng tiyahin.

Talaga bang makikipagkita siya sa isang lalaking ni hindi niya nakausap nang matino? Ano ang inaasahan nito sa kanya kung ganoon? Well, ano pa nga ba? Kaya ano ang ginawa niya roon?

Hindi rin siya komportable na may screen name pa ang kanyang ka-date. "El Barako"

ang pangalan nito sa app. Hindi na siya nag-abalang itanong sa lalaki kung ano ang totoo nitong pangalan dahil naisip niyang isang maiksing date lang naman iyon. Walang dahilan para lumalim ang kanilang ugnayan.

Gusto lang siguro niyang pagbigyan si Tita Gina. Maybe this date would shut her up—ito at ang mommy niya. Once and for all, matatahimik na siguro ang dalawa at hindi na sasabihing hindi siya sumusubok man lang na makipag-date. Siguro, sa isang banda ay curious din naman siya kung paano na ang dating sa modernong mundo. Ang huling naka-date niya ay si Pablo pa. And he turned out to be a jerk so how bad can this El Barako be anyway? Wala nang papantay sa kasamaan ng ending ng huling date niya.

Safe naman ang restaurant. Sa sandaling maramdaman niyang alanganin si El Barako, madali nang magpaalam. And if she ended up hooking up with the man—which she really doubted would happen—would that be so horrible also? Ilang taon pa, hindi na siya tita,

lola na.

Hindi sila nag-chat masyado ni El Barako. Pagkatapos ng initial na kasunduan ng meetup, nag-confirm lang siya kanina at nang sabihin nitong *See you* ay natapos na ang usapan. Duda siya kung magiging interesante ang date kung sa chat pa lang ay parang matabang na agad ang dating ni El Barako.

Pinadala na ni Felicity ang mga detalye ng date sa ina, just in case. Ang reply nito sa messaging app: *Go get laid, sweet child. He looks like someone who would be good for that.*

Bigla tuloy siyang napatawa. Ano ba naman itong mga lola sa buhay niya at parehong gusto siyang itulak sa kahalayan? Sa isang banda ay nauunawaan niya naman na nag-aalala ang mga ito sa kanya dahil iniisip na pagkatapos ni Pablo ay isinara na niya ang pinto sa lahat. Sa isang banda, tama naman ang mga ito. Nawalan kasi siya ng interes sa romance.

It felt like she woke up from a dream one day and realized she wasted so much time

living in a fantasy world. Kaya kailangan niyang makabawi sa sarili. Ang mga bagay na hindi niya nagawa noon, kailangan niyang gawin ngayon. At para bang wala na siyang oras.

And maybe it was the pain, too.

The collapse of her marriage was too painful to bear so she ignored it and worked as hard as she could, until she couldn't even think of the pain anymore.

Tiningnan niya ang mukha sa salamin at nang makuntento sa hitsura ay pinasayad ang mga palad sa dark blue low V-neck dress na may red floral pattern. Mayamaya ay tumuloy na siya sa Italian restaurant. Siya ang pumili doon—hindi pormal masyado, hindi rin naman maingay ang crowd. Maaga siya ng fifteen minutes, wala pa si El Barako. She ordered a glass of chianti.

Tinawagan niya ang mommy niya. "Wala pa siya, Mommy. Maaga ako. I'm worried, kasi ten kilos lighter ako doon sa profile pic ko. Baka magreklamo siya."

"Hija, huli ka na sa balita. Hindi na uso ang hindi filtered pictures ngayon. Kaya asahan mo na ring hindi siya ganoon ka-hot."

"Si Mommy pa-hot-hot pa ngayon. Ano ba `yan?"

"Ano'ng gusto mong sabihin ko? Matipuno? Makisig? Mukhang hayop na kaya kang ibalibag sa katre?"

"Si Mommy talaga! Hindi naman guwapo. Saka mas bata sa akin ng seven years. Cougar ang labas ko nito."

"Hija, why do you say cougar like it's a bad thing? Isa pa, sabi nila nakakalabo raw ng mata kapag walang sex. Kaya siguro ganyan ang sinasabi mo. O siguro dahil mula bata ka, ang mga crush mo, eh, `yong mga preppy, coat and tie kind of men. Well, this guy is exactly what you need, the blue jeans kind of guy, young, and… hot. Kaya siguro El Barako. Pumirmis ka diyan. Have fun. Don't be too uptight. Just enjoy the date. My God, hija, parang lola kita! Good-bye!"

Napabuga siya, saka pinindot ang end call

button. Nang mag-angat siya ng tingin ay nakita niya si El Barako sa pintuan ng restaurant.

Hindi pala niya puwedeng hindi makilala ang lalaki kahit nakatali ang buhok at ilang metro ang layo sa kanya. Mukhang may hinahanap ito sa gawi ng pagsuyod ng tingin sa kabuuan ng restaurant. Nagtama ang kanilang mga mata. Dumagundong ang kanyang puso.

Parang wala ni katiting na sandaling nagduda ang lalaki kung siya ang kakatagpuin. He seemed to be a hundred percent sure instantly. Kasingsigurado niyon ang mga hakbang nito patungo sa kanya.

The man was wearing a pair of tight jeans, work boots, and a blue long-sleeved shirt. Nakalilis ang manggas ng pang-itaas nito hanggang sa siko. Wala itong anumang burloloy sa katawan, maliban sa isang relo. He didn't really need any. Sapat na ang dekorasyong tinta sa mga braso nito, gayundin ang facial hair nito.

The man couldn't be any less than six feet. He was muscular as well. Hindi masikip ang kamiseta nito pero hindi kayang itago iyon.

And how she wished the man would stop looking at her like he was either going to devour her or tell her she was ten kilos heavier than her profile pic, so she better take a hike.

But then he smiled. It was a tiny smile, almost hidden by all the facial hair. But it had warmth. At agad na kumalat ang init na iyon sa sistema niya kaya nakampante siya.

The man was admittedly hot.

No, not hot. That word was not sufficient to describe his sex appeal.

The man was sinfully and deliciously sexy.

# CHAPTER THREE

Felicity stood up as she looked at her gorgeous date. Bahagya nitong itinaas ang kamay, ibig sabihin ay hindi niya kailangang tumindig pero nakatayo na siya. Nagmadali ang paghakbang nito at nang tuluyang makalapit ay ganap nang lumapad ang pagkakangiti, kasabay ng pag-aabot ng kamay.

"Kumusta?" sabi nito, kasinglaki ng katawan ang tinig. Hindi nawawala ang ngiti sa mga labi nito habang nakatingin sa kanyang mukha.

She was red in the face, she was sure. Ang init-init kasi ng pakiramdam niya sa buong mukha. And this all felt refreshing. Hindi na

niya maalala kung kailan siya nag-blush nang dahil sa isang lalaki.

"I'm o-okay."

El Barako was ever the gentleman. Hinawakan nito ang upuan hanggang sa makaupo siya.

"W-what's your name?" tanong niya.

Tumawa ito nang bahagya, saka sumagot. "Casimiro. Cacho ang tawag sa `kin. Hindi ako ang naglagay ng pangalan ko do'n. Hindi ako'ng kausap mo noong una, `yong pinsan ko lang. Hindi ko alam kung paano baguhin, hinayaan ko na lang."

"Actually, si Tita rin ang nakausap noong pinsan mo noong una. Ako `yong kahapon," pag-amin niya.

"Napansin ko rin kasi magkaiba ang paraan ng panulat."

Lumapad ang pagkakangiti ni Felicity. "Panulat?"

"Probinsiyano ako, pasensiya na." Hindi nawawala ang friendly smile nito. Ang ganda ng mga ngipin. "Medyo gutom na ako. Kain

na tayo?"

Tumango siya. Tinawag nito ang waiter. The man ordered two pizzas, two kinds of pasta, steak Florentine, and dessert. Mukhang gutom nga.

"Where are you from?" tanong niya.

"Iloilo ang Nanay. Si Tatay, Tagalog. Ikaw?"

"Manila lang. Si Dad, Cavite."

"First time kong makipag-date nang ganito," sabi nito. "Sabi no'ng nakausap ng tita mo, hindi raw ako magsisisi sa nabingwit niya. Tama naman siya." Tumingin ito sa kanya.

Nag-blush si Felicity kahit hinala niyang nambobola lang ito. Willing na willing siyang bigla na magpabola. It felt nice, she had to admit, especially coming from someone so hot. *Bolahin mo pa ako, please!*

This was turning out to be a nice experience. At hindi niya iyon inasahan.

"Dito sa QC ang work mo?" tanong niya.

"Hindi. May dinadaanan lang ako minsan

diyan sa New Manila. Sa probinsiya talaga ako. Ikaw?"

"Dito ako talaga sa QC. Born and raised." Gusto niyang mainis dahil parang nanghihinayang siya na well, parang mauuwi lang ito sa hookup dahil paano ang dating life nila kung taga-Iloilo ito? *Wait, hookup? Am I really gonna do it with this man?*

One look at Cacho and the answer came immediately: absolutely.

Dumating ang pagkain. Nagpatuloy silang magkuwentuhan. She adored listening to him speak. Ang kinis nitong mag-Tagalog, may pagkaelegante na bihira niyang marinig sa panahon ngayon.

They talked about her. Odd, she never really liked talking about herself. Sabi ng mommy niya, siya raw ang tipo ng taong matagal makilala dahil matagal maging komportable sa isang tao. At kahit na kapag naging madaldal na siya sa isang kakilala, palagi pa rin siyang guarded. Especially after Pablo. But look at her go now, talking about

her hobbies, her family, and even her failed marriage like Cacho was an old friend she hadn't seen in years.

Maybe it was the fifth glass of chianti talking but she blurted out, "I've always thought there's some truth in what my ex said about me being boring. In everything. In what I say—I'm obsessive. In what I do—I love routines. Hobbies? I'm your garden-variety baker slash crafter. And in bed? Vanilla."

Kumunot ang noo ng lalaki habang tutok na tutok ang atensiyon sa kanya.

"Vanilla? Hindi ako naniniwala," anito.

"What do you mean?"

Inilabas nito ang wallet, kumuha roon ng ilang lilibuhin na ipinatong sa mesa. Tumingin ito sa kanya.

"Patunayan nating hindi. Halika na."

Tumayo ito at inabot sa kanya ang kamay na agad niyang tinanggap. They left the restaurant. Dumadagundong ang puso ni Felicity habang naglalakad silang

magkahawak-kamay hanggang sa makalabas na roon, nagpatuloy sa parking area.

Cacho's hand was warm. He was also squeezing her hand reassuringly.

Gayunman ay para pa rin siyang mababaliw sa kaba. Paano kaya nagagawa ito ng kanyang mommy at tiyahin? Ang makipagkita sa isang estranghero at sumama rito sa isang pribadong lugar nang ganoon na lamang.

"Ayos ka lang?" tanong ni Cacho.

"Y-yes," tugon niya. She was feeling frisky, she had to admit. Who wouldn't?! The man was gorgeous and smelled so fresh and masculine. He was unbelievably hot, parang sinasabing wala siyang pagsisisihan. Na kahit ipagbabalibag siya nito, magpapasalamat pa siya!

Tumaas sa braso niya ang mainit nitong palad.

"Relax," bulong nito sa kanya. Dumapo ang mainit na hangin sa kanyang leeg, na sinundan ng banayad at mapanuksong dampi

ng mga labi nito.

Nagtayuan ang balahibo niya sa katawan. Napalunok siya, parang gustong pumikit. She started to breathe heavily. Patuloy itong naglakad. Nakaakbay ito sa kanya na dapat lang siguro dahil parang nanghihina ang mga tuhod niya. She liked his warmth though. Her nose loved his mild, fresh scent. Parang gusto niyang idikit ang ilong sa leeg nito.

Nabigla pa siya nang tumunog ang pagbukas ng isang kotse. Binuksan nito ang pinto ng isang mataas na sasakyan at inalalayan siyang makasakay doon. He smiled and placed his hand behind her head. He then kissed her full on the mouth.

Natigilan siya.

Naloka siya.

Pero saglit lang. Mabilis siyang natutong sumabay.

She felt his warm palm on her thigh.

Saglit, nasa parking lot sila at nakabukas ang pinto! Nakatayo ang lalaki sa labas! Walang pakialam si Cacho pero ayaw niyang

makunan ng kung sinong millennial ng video at biglang kumalat sa Internet ang lahat.

Wala siyang kinailangang sabihin dito. Tila nadama nito ang kanyang pagkailang at agad na tumigil. Tumingin ito sa kanya, nagtatanong ang mga mata. Saglit siyang natigilan, halos hindi makapaniwala sa ganda ng mga matang iyon. How can one man have everything? It's not fair.

"M-may mga tao," paliwanag niya, naalala ang sasabihin nang may grupo ng kabataang dumaan sa di-kalayuan.

Tumango ito, ipinasok ang binti niya sa kotse, saka isinara ang pinto. Mukhang kayang-kaya nga siya nitong ibalibag.

Mabango rin ang kotse, malinis. It was an old SUV, she guessed. Wala ni anong abubot sa sasakyan. Sumakay ang lalaki sa kabila at pagkasakay na pagkasakay nito ay ngumiti, saka hinawakan ang kanyang pisngi. He gently bit her lip before kissing her again.

Umunat ito mayamaya. "Tara na."

Bigla siyang natawa dahil hindi man nito

sabihin, alam niya ang pahiwatig nito. It was getting too hot, and they needed to find a more comfortable place. Ang problema, kapag nakapag-isip siya, baka mag-inarte siyang bigla.

"Saan mo gustong magpunta?" tanong nito, nakangiti.

"I d-don't know," nakangiti ring sagot niya kahit ninenerbiyos. Ito ang first time niya at talagang parang mayroong daga sa kanyang dibdib.

"Ayos ka lang?" Inabot nito ang kanyang kamay at pinisil.

"I'm not sure I want to do this," pag-amin niya.

At salamat dahil mukhang hindi naman ito nainis. "Uuwi na tayo?"

"No," agad niyang sagot.

Ang lakas ng tawa nito, ipinasok sa isang gasolinahan ang sasakyan.

"Isipin mo muna habang nagpapakarga ako."

Pagbaba nito ay naturete siya kaya biglang

napa-video call sa ina na agad namang sumagot, may naka-apply na treatment mask sa mukha at naka-robe.

"Mom, am I really gonna do this? Oh, my God, I'm so stressed!"

"`Asan ka, hija?" tanong nito habang naglalakad patungo sa kusina.

Itinapat niya ang camera sa labas, kung saan kausap ni Cacho ang isang gasoline boy.

Dinampot ng kanyang ina ang isang wineglass, saka sinabi, "My God, hija, kung ayaw mo, sa `kin na lang. What a man. Oooh. So hot."

"Mommy!" daing niya.

"Hija, you don't have to do it if you don't want to. The guy has to make you feel comfortable enough. Kilala kita, anak. Kung nasa sasakyan ka na niya, he must have done all the right moves. `Yang selan mong `yan? Pero kung ayaw mo, `wag. My guess is you only called to hear me say 'go ahead.'"

"Mommy, baka kasi tamaan ako ng kidlat." Napatutop siya sa noo.

"Diyos ko, hija, kung totoo `yan, sana noon pa tustado ang daddy mo. Gawin mo ang gusto mo, matanda ka na. Enjoy life. Towards the end, you will mostly regret what you did not do, and not the things that you did. Trust me."

Naputol na ang linya. Eksaktong pagsakay naman uli ni Cacho sa sasakyan.

"Ayos na?" nakangiti nitong tanong.

"Actually, I'm still not sure. But can we go someplace quiet anyway?"

Tumango ito. "Walang problema."

"Baka walang mangyari, okay lang?" babala niya. Ayaw din naman niyang umasa ito at maging mataas ang expectations.

"Okay lang. Hindi rin naman ako sigurado."

"Really?"

"No."

Sabay silang nagkatawanan.

"Sigurado ako. Pero kung ayaw mo, ayos lang naman. Kahit magpitik-bulag tayo magdamag," he assured her.

The man just got sexier. She felt safe with him as well.

Tumingin ito sa isang hotel booking app at tinanong kung okay lang daw ba sa kanya ang isang for rent unit sa isang high-rise condo. It was perfect. Mas maganda iyon, mas bawas ang pressure dahil buong unit, may sala at hindi tulad ng hotel na pagpasok ay kuwarto na agad. Doon na nga sila tumuloy.

Inilapag niya ang bag sa coffee table nang makapasok sa unit. Naupo ang lalaki sa sofa, saka siya hinigit para mapakandong dito.

"Pitik-bulag tayo?" nakangiti nitong tanong, tumaas ang daliri sa kanyang pisngi.

Pero nabura ang ngiti ng lalaki nang dumako sa labi niya ang mga daliri nito.

FELICITY couldn't remember if she had ever been kissed like this before. O baka sobrang tagal na lang na hindi na niya maalala. Had she ever felt this wild? Hayun siya at nakakandong at nakikipaghalikan sa lalaking halos isang estranghero. Ano nga uli ang

apelyido nito? What did he do for a living? Ang sabi lang nito, logistics.

Hindi niya alam ang mga detalye.

At wala na siyang pakialam. At all.

She wanted him, but…

"I'm…" sambit niya nang humiwalay sa lalaki, "a bit scared, Cacho."

Nakauunawa itong tumango, hinaplos ang kanyang pisnging dinampian nito ng halik.

"Sige, hindi na," anito.

"H-hindi gano'n ang ibig kong sabihin."

Bumulong ito. "Sabihin mo sa akin kung ano'ng gusto mo. Kape?"

"Maybe more wine."

"Sige," sabi nitong dinukot ang phone sa bulsa, hindi siya inalis sa kandungan nito, nakahawak ang bisig sa kanyang baywang, malinaw na indikasyong gusto nitong manatili siya sa kandungan nito.

Of course, he would notice her love handles. Ilang patong ang salbabida sa tiyan niya. But he did not seem to mind at all.

Humilig siya sa lalaki, feeling girlfriend.

And such intimacy felt nice. She had always loved cuddling. And she wanted to do more than cuddle, but… *Yeah, boring nga yata talaga ako.*

Nagpa-deliver ang lalaki ng alak, pagkatapos ay initsa ang phone sa coffee table, hindi pa rin siya inaalis sa kandungan nito.

"Hindi ka ba nabibigatan sa `kin?" tanong niya.

"Diyan ka lang," anito, may ngiti sa mga labi.

"You're cute."

"At ikaw, maganda. Jackpot ako."

Tumirik ang mga mata niya. "Bolero!"

"Totoo."

Patlang. Pero masyadong makapal ang tensiyon. She could hear him breathing, a bit heavily, like her. Nang magtagpo ang kanilang mga mata ay muling naglapat ang kanilang mga labi. It was impossible to stop this time. Kapwa nila tiyak iyon.

His lips slid down her neck. Nagtayuan ang balahibo niya sa katawan. This was

something she had not experienced in such a long time that it surprised her how much she had missed this. Para ding hindi ganito katindi ang mga sensasyon noon.

God, Cacho's lips were magnificent. Napakatagal nitong pinagsawa ang mga labi sa kanyang leeg, sa likod ng kanyang tainga… He then pulled her low neckline to the side. Nadama niya ang mga labi nito sa kanyang dibdib.

The man managed to unclasp her bra without her being made aware of it.

While she was still on his lap, she saw him suck on the tip of her breast. He lashed his tongue back and forth the taut nipple. All she could do was sigh in pleasure.

She shivered when she felt his hand slip under her dress to pull her underwear down. Itinukod niya ang mga paa sa kutson para maitaas ang pang-upo nang mahigit nito nang tuluyan paalis iyon. She had never been this daring her whole life. Naeeskandalo siya sa sarili pero kasabay niyon ay ayaw namang

tumigil. She was too far gone to stop now. Hindi na niya kaya.

Cacho kissed her lips again as his finger rubbed her clit. She gasped, the intensity of the sensations driving her wild. Hanggang sa tumigil ang lalaki at napaungol sa protesta si Felicity. Ngumiti ito, saka siya inalalayang makapuwesto sa couch. Isinandal niya ang likod sa armrest. Cacho lifted her leg and draped it over the backrest. Ang isa niyang binti ay hinawi nito pabuka. And then he started kissing her thighs.

She knew what he was about to do before he did it, and she wanted to freak out just because it was such an intimate experience, something she wasn't sure she was ready for. But the man was already licking her between the legs before she could even think of anything to say.

Saglit lang dumaan sa isip niya kung handa ba ang katawan niya roon. Was she fresh enough? Bago pa niya mapagtunan ng pansin ang mga katanungang iyon ay sinakop na ng

ibang sensasyon ang kanyang kamalayan. She can only guess that Cacho thought she was fresh enough since he seemed to be enjoying his dessert. Oh, the motions of his tongue were wild and eager to please. She could see his handsome face between her thighs as he gave her intense pleasure.

Biglang-bigla ang pagsambulat ng mga sensasyon. Before she knew it, she was coming like she had never come before. She was almost screaming, her orgasms coming in wave after powerful wave.

"Cacho, oh, my God… Enough. Please, stop," impit niyang sambit.

She was out of breath. She had gotten too sensitive from the orgasms. Tumigil naman ang lalaki, ngumiti sa kanya. Oh, what a naughty man. Nag-init ang kanyang mukha. Sa isang bahagi ng kanyang isip ay hindi pa rin niya alam kung paano niya nagawang agad na magtiwala rito.

"Ayos ka lang?" tanong nito.

Tumango siya, naitakip ang kamay sa

bibig, nahihiya pa rin. "God, you're so..." Tumaas ang kanyang kamay sa mga labi nito. "Talented..."

Hinagkan nito ang kanyang kamay, saka ito tumayo. Naghintay lang ito doon. She knew what he was asking for. Agad siyang naupo sa sofa at sinimulang alisin ang zipper ng pantalon nito. Oh, she was excited to see him. All of him.

Hinubad nito ang kamiseta. She freed his cock. Halos mapatulala siya roon. She almost couldn't believe how big he was. She started stroking him. That cock felt different just because of its sheer size. She doubted if it would even fit inside her mouth. Not even half of it, she guessed.

And there was only one way to find out.

She lovingly licked it. Nadama niya ang paghagod ng mga daliri nito sa kanyang buhok. She placed his shaft inside her mouth, swirling her tongue all over it. She couldn't place the entire thing in her mouth for she was going to gag. She did her best to please

him though, sucking and stroking his shaft.

Ang init-init pa rin ng kanyang pakiramdam. She was sure they were in a steam room and they were just starting. She was excited about what was to come. And quite frankly, she was excited to feel what she was sucking fill her up.

Noon may nag-doorbell. Bigla siyang napatulala.

"`Yong alak," paliwanag ni Cacho, ngumiti, hinaplos siya sa pisngi.

She took his big penis out of her mouth and said, "Oh, right." Nalimutan na niya iyon pero masisisi ba siya? Wala na siyang kahit na anong naaalala! As far as she was concerned, she was no longer Felicity but some tramp who was willing to give it all to this stranger. Hindi niya magagawang ipaliwanag kung bakit siya nauwi sa ganoon.

Well, that was a lie because she actually can, and using just a few words: Cacho was hot as hell. And she wanted him. Plain and simple.

Inabot ng lalaki ang T-shirt nito at isinuot, ang pantalon ay hindi kayang isara pero ipinasok naman ang bird sa loob ng briefs kahit pa nga napapangiwi ito. She had to giggle as she sat on the couch, making sure she looked decent. Hindi naman siguro siya makikita ng delivery boy pero maigi na ang sigurado. Mahaba naman ang kanyang dress, hindi na makikitang wala na siyang pang-ibaba at wala rin siyang ideya kung nasaan, at ang bra niya ay naka-unclasp.

Tumuloy na si Cacho sa pintuan. Pagbukas nito roon ay isang babae ang biglang sumigaw mula sa labas.

“Walanghiya ka, Casimirooo!”

Napanganga si Felicity habang nakatingin sa pinto. Siguro ay nasa mid to late twenties ang babaeng naroon, maganda, tipikal na mahaba ang buhok, slender, mestiza.

“O, ano’ng ginagawa mo dito?” tanong ni Cacho rito.

“Nilagyan ko ng tracker app ang phone mo, walanghiya ka!”

Tumingin sa kanya si Cacho. Bago pa ito makapagsalita ay sinampal na ito ng babae, saka nagmartsa patungo sa kanya. Sa ikalawang hakbang, naglabas ito ng kutsilyo mula sa bag.

Anong pagkagimbal ni Felicity. Hindi niya nagawang makakilos sa kinauupuan. At siguro ay masasaksak siya ng babae kung hindi naging maagap si Cacho. Agad nitong naipaikot ang bisig sa baywang ng babae at binitbit ito palayo.

Parang isdang nakawala sa tubig na nagpapasag ang babae, parang mababalian na ng buto.

"Papatayin ko ang babae mo! Papatayin kooo!"

Noon siya natauhan at agad na hinagip ang bag at nagtumakbo na palabas ng unit. Salamat at nakabukas ang elevator. Agad siyang sumakay doon, halos mabingi sa lakas ng tibok ng puso. Salamat at hindi nakasunod sa kanya ang babae.


Nang makarating sa lobby ng building ay

tumakbo siya palabas. Thank God there was a taxi passing by. Agad niya iyong pinara at sumakay agad, nagpahatid sa restaurant kung saan iniwan ang kotse.

Kahit malayo na siya sa insidente ay may nginig pa rin ang kanyang mga kamay.

No, she was *never* going to date again. Ever!


Scandalous 3
UNHOLY
VANESSA



# UNHOLY

BOOK 3

VANESSA

# PROLOGUE

*MAHIRAP MAGPATAWAD*

*December 24 last year, sinabi mong hindi ka makaka-attend ng reunion ng family ko dahil may importante kang trabaho sa site that week. Sabi mo pa, wala kang pasok ng bisperas at Pasko, pero meron ng December 26 dahil rush ang project. I believed you and supported you. Kasi dalawa tayong nangarap ng success mo as a civil engineer. Noon pang college, alam ko nang `yan ang dream mo.*

*Madami tayong pangarap, Vin. Minsan nga, natatawa tayo pareho dahil sobrang taas ng pangarap natin na parang imposible na. But prayers can move mountains, `di ba? Sabi mo*

*`yan. Palagi ding sinasabi sa church. And we believed, Vin. We trusted God. And I trusted you.*

*Unti-unti, natutupad natin ang pangarap natin. Natanggap ka sa dream company mo. Nagsimula ka sa ibaba until nakarating ka na ngayon sa posisyong pangarap mo. Ikaw na ang head engineer ng project. Ikaw na mismo ang nagsabi, parang hindi totoo dahil ang bata mo pa. Ako ang nagpaalala sa `yo na prayers work. Umiyak pa tayo noon sa church kasi nararamdaman natin na tinutupad na ni God ang mga promise Niya sa atin.*

*God just kept giving. In two years, dumami ang projects mo, while my online store became a success! Nakabili tayo ng bahay, tig-isang kotse, nakapag-travel, naipasyal ang mga pamilya natin. I remained faithful and grateful kay God. Kahit minsan hindi tayo nagkikita, I believed nothing can ever tear us apart, Vin. Kahit hindi ka na nagchu-church, I believed that you will not stray.*

*Nitong huling mga buwan, napapansin ko*

*na dumadalang ang pag-uwi mo dito sa Cebu. Naiintindihan ko naman kasi nasa iba-ibang lugar ang projects. Pero last Christmas, nalungkot ako kasi first time in nine years nating hindi magkasama nang holiday kasi may big project ka sa Manila. Dati kasi noong college, kung hindi tayo magkasama sa mismong noche buena, the very next day pupuntahan mo ako at mamamasyal tayo.*

*New Year came, same thing happened. Lungkot na lungkot ako, but then January 3, umuwi ka. And then you proposed. It was the happiest day of my life! I said yes, of course. Finally, I will be Mrs. Vicente Paras!*

*Madalang kang umuwi ng Cebu hanggang May pero sabi ko, okay lang. Busy ako sa wedding preparation. December wedding, mahaba pa ang time to prepare pero ang dami kong gustong gawin, so sabi ko, eksakto lang din. Kahit ako lang mag-isa usually ang nag-aasikaso ng kasal, palagi kang nagpapadala ng budget. Palagi rin tayong naka-video call kapag may importanteng desisyon regarding the*

*wedding.*

*Everything was going fine until someone sent me these photos. Buti na lang may concerned person na nag-PM sa akin ng lahat ng ito. Magkasama pala kayo last Chirstmas and New Year, `tapos January 3 nag-propose ka sa akin! Hindi ko maintindihan kung paano mo nagawa `yon! Hindi ko matanggap, Vin.*

*One week na akong iyak nang iyak at hindi ko alam ang gagawin ko. Nag-sorry ka na pero hindi ko pa rin matanggap. Ang hirap-hirap-hirap magpatawad, Vin. Ikakasal na tayo (supposedly) in four months! Hindi ko alam kung gusto ko pa ring maging Mrs. Vicente Paras. Hindi ko alam kung kaya kitang patawarin. I guess I just posted this kasi sobrang sakit na, kailangan ko ng outlet.*

*Magulo ang isip ko. Maybe I shouldn't post this. I covered her face dahil hindi ko alam kung baka may pamilya siyang madamay o kung ano. I am giving her the respect that she did not give me. Ang babaeng niloko mo, Vin, may delicadeza. Siguro nga, masyadong malambot*

*ang puso ko, tulad ng sinasabi ng mga friends ko. Hindi ko talaga alam kung paano mo nagawa ito sa akin.*

*I've always been there for you.*

*Saan ba ako nagkulang sa `yo?*

*Mapapatawad pa ba kita?*

*Kung ang Diyos nagpapatawad, sabi nila. Ewan ko. I'm praying hard, Vin. I know God can move mountains and I hope He helps me forgive you, Vin, dahil parang hindi ko kayang gawin sa ngayon.*

*#foreverfaithful*

*#Godspromise*

*#Miracles*

*#Forgiveness*

*#ElleVinLovingYouForever*

*#WeddingProblems*

The post went viral, shared thousands of times. The woman in the photos was Marcelina, who had no clue that Engineer Vicente Paras was in a relationship. Ang akala niya, loyal boyfriend niya ito, supportive, at

one day ay magpapakasal sila tulad ng napag-uusapan nila madalas.

Mismong profile picture niya ang kinuha ng nag-post, si Eleonor "Elle" Bangcal, kasama ang mga picture nila ni Vin sa iba-ibang okasyon na pinost niya sa Facebook niyang naka-set sa private. Iilan lang ang hinala niyang nagpadala ng pictures kay Elle, iyon lang common friends nila ni Vin sa Facebook, pero hindi na naging mahalaga iyon dahil nai-post na. At mayroon nang kung sinong nakaalam ng pangalan niya dahil may nag-post sa comment section—isa sa mga kaibigan ni Elle. Kasama roon ang impormasyon tungkol sa kanya.

Tulog siya nang mangyari ang lahat at hindi nagawang mag-deactivate bago pa na-download ng kung sino ang mga picture niyang naka-public—halos lahat ng profile pictures niya. May gumawa pa nga ng profile na katulad niya ang pangalan, fake account.

Vin stayed in the company. Ayaw tanggapin ng boss ang resignation nito.

Kinausap siya ng boss, implied na gusto nitong mag-resign siya. So she did.

Sila ni Vin? It was over the moment she found out the truth. Dumaan sa isip niyang mag-post ng paliwanag, na sabihing wala siyang kaalam-alam na may relasyon si Vin dahil wala siyang nakitang anumang ebidensiya doon—no suspicious messages, no social media shenanigans, that she later discovered was because the man had two phones and two social media accounts—pero hindi niya ginawa. Dahil base na rin sa dami ng shares and comments na gigil na gigil sa kanya, alam na niyang lalo lang lalala ang issue at tatagal. She kept her mouth shut and just cried to her mother. To think na ni hindi sila nito close, pero dito siya umiyak dahil noong mga panahong iyon, ni wala siyang mapagkatiwalaang kaibigan dahil hindi niya alam kung sino ang nagpadala kay Elle ng pictures nila ni Vin.

Why send it to that woman directly? Bakit hindi siya ang sinabihan na may girlfriend na

pala ang lalaki?

Bigla siyang naging Internet kontrabida, binansagan ng kung ano-ano—babaeng pangkama, kabit, malandi, makati, demonya, at iba pa; habang si Elle ay nakatanggap ng suporta at sinabing makadiyos, mabuting tao, mabait. Hindi man lang ba naisip ng mga tao na iyong mga kaibigan nito ang nagkalat ng profile at pangalan niya? Kunwari tinakpan nito ang picture niya pero nandoon ang girl army nito para ilaglag siya, without even talking to her first. Hindi man lang inalam kung ano ang tunay na nangyari bago sinira ang buhay niya at reputasyon. At sa totoo lang, hinala niya ay gusto rin nitong maging viral ang post dahil may ambisyong maging influencer. In all fairness, may twenty-five thousand followers din dahil mabenta ang online shop ng Korean beauty products. Kung hindi ba naman, bakit naglagay ng sangkaterbang hashtags? After the post went viral, her page followers doubled.

At si Vin na tunay na may kasalanan ng

lahat? Naging anino na lang. Naging footnote sa pahina ng istorya, pahapyaw na lang ang naging ganap.

Nabura man ang post makaraan ang dalawang linggo, huli na ang lahat. Kumalat na at may nag-screenshot na. At makaraan ang isang buwan, nag-post uli ng pagkahaba-haba si Elle tungkol sa couple's counseling, forgiveness, prayers, and promise. Sumatotal lang naman, pinaalam nito sa lahat na napatawad na nito ang taksil at tuloy ang kasal ng dalawa. Hindi bukas ang comment section para sa lahat kundi para lang sa mga kaibigan ng babae, panay well-wishers at pagpupugay dahil nagpatawad ito. Nag-viral din ang post, lalo na sa mommy vloggers at religious pages.

And Marcie? She had to pick up the pieces of her life and put them back together. Wala siyang aasahan kundi ang sarili niya. May sarili nang pamilya ang mommy niya at noon pa mang five years old siya ay iniwan na siya sa lolo at lola niya. Her lola was gone, passed

away when she was eighteen. Sumunod ang kanyang lolo noong nakaraang taon lang. At ang kanyang ama? OFW sa Guam at mayroon na ring pamilya doon.

It was so unfair. Naloko na nga siya, nawalan pa ng trabaho, napahiya, at habang-buhay nang nasa Internet ang kanyang pangalan bilang the other woman, iyong babaeng gustong sabunutan ng lahat.

Hindi patas ang mundo.

# CHAPTER ONE

"She's here, Marcie!"

Tumingin si Marcelina sa kaibigan, saka sinipat ang repleksiyon sa glass door ng conference room. She looked sharp. But not as sharp as her boss, Ms. Isolde Carranza. Pumasok na ito sa silid na awtomatikong natahimik.

The brilliant woman was in her forties. When she talked, everyone listened. Nakaka-intimidate. Dati, undecided si Marcie kung ano ang mararamdaman para sa may-ari ng kompanya. But then she met her son, Gabriel, and that was it. Nagdesisyon siyang bawasan ang pagka-intimidate dito kung ito ang

magiging future biyenan niya.

Ambisyosa siya talaga at walang masama doon.

Isolde's son, Gabriel, was a dream. Mas matanda lang ang lalaki sa kanya ng dalawang taon. But at twenty-seven, he already had his own chain of gasoline stations and fast-food restaurants, bukod pa iyon sa hawak nitong posisyon sa real estate company ni Isolde. Hindi na masama kung magiging sila.

Speaking of the devil, he walked right in and smiled at his mother. Tumingin ito sa kanya, ngumiti rin at tumango.

"Am I late?" tanong nito.

*No, baby boy, you're just in time,* sa isip-isip niyang lihim na kilig na kilig. Nagsimula na ang kanyang presentation. Nang matapos iyon ay agad siyang tumingin sa boss na mukhang natuwa naman sa nakita at narinig.

"Marcie, come with me," anito.

Agad siyang kinabahan pero tumango. Sumunod siya sa babae patungo sa opisina nito. Iniisa-isa na niya agad sa isip kung

mayroon bang posibilidad na hindi nito nagustuhan ang presentasyon niya. Lalamunin siya nito nang buhay kung ganoon. Hindi nambe-baby si Isolde.

"Close the door and sit down, please," anito nang makapasok sila sa opisina, saka naupo sa likuran ng malaking mahogany table.

Agad siyang tumalima, itinaas ang mukha kahit malakas ang sasal ng dibdib.

"Marcie, you are one of the best employees I have, and so young as well. You're great at what you do, no doubt about it."

Pumalakpak ang mga tainga niya, flattered. Hindi madalas magbigay ng papuri si Isolde. Junior project manager siya at handang-handa nang maging head ng project. She was a go-getter, willing to do everything to climb up the corporate ladder. Ang isa sa mga itinuro sa kanya ng immediate boss niyang si Charie ay ang huwag magpapa-intimidate dahil sa mundong setenta porsiyento ay mga lalaki, mga engineer at

architect, ang mga tulad nilang babaeng ang background ay nasa management, bukod sa doble-kayod ay kadalasan ding paluluhain ng dugo ng mga nauungusan nilang empleyado.

Masaya siyang ang role model niya ay mismong ang may-ari ng kompanya na ayon sa sabi-sabi ay napakadami nang lalaking pinaluha—sa trabaho, that is. Bow ang lahat dito, hinding-hindi nabastos dahil sinomang gumawa niyon ay masesesante. This woman had no patience for misogyny.

"Thank you, ma'am," tugon niya.

Proud talaga siya sa trabaho. Bihirang maging junior project manager ang isang apat na taon pa lang sa trabaho. Doon siya natanggap nang mag-resign sa kompanya kung saan nakilala si Vin. Walang nakakaalam ng kanyang "past" sa kompanya—hopefully. Ni minsan ay hindi niya narinig, siguro dahil na-take down na ang viral post at ang mga nag-copy-paste ay hindi naman naging sobrang viral. Pero madaling makita sa social media kung tutuusin. Wala lang sigurong

naghahanap sa kanya sa Facebook, kung hindi man ay lumalabas ang bagong account niya na hindi konektado sa dati niyang account na deleted na. Kung anuman ang dahilan, salamat at so far, wala pa siyang naririnig na tsismis na konektado sa isang traumatic na post na iyon.

"I have a new project. Something dear to me. Matagal na akong naghahanap ng puwedeng mag-handle nito. I think you're the perfect fit. I need someone who thinks fast and can adapt to specific... challenges," ani Isolde.

Agad sumasal ang kanyang dibdib. Tama ba ang pagkakaintindi niya? Magiging project manager na siya?

"That would be me, ma'am," agad niyang sabi, buo ang kompiyansa.

"It involves my son."

Kulang mapapalakpak siya. Makakasama niya si Gab sa project? Bring it on!

"Anything, ma'am. Please, tell me how I can help." Pinilit niyang huwag magmukhang

masyadong atat.

“May property na napakatagal ko nang gustong i-develop. I would do it myself but I’m too busy here. Actually, I own it with Gabriel. Matagal na naming pinapangarap ang development no’n. Would you consider managing this dream project? Kayo ng anak ko ang mag-aasikaso, but you need to be onsite while he needs to stay here in the city. Iyon talaga ang issue, Marcie, if you can handle remote work.”

Bago pa man siya makasagot ay may kumatok na sa pinto at saka iyon bumukas. Si Gabriel.

“Hello. What’s going on?” nakangiti nitong tanong.

Agad namang sinabi rito ng ina kung ano ang alok sa kanya. Biglang kumunot ang noo ng lalaki.

“It's a big challenge, especially for someone from the city like you, Marcie. It's going to demand a lot from you. Masyadong liblib ang Kinaadman, lalo na ang sitio. Are

you sure you're up for it?" tanong ng lalaki, parang hindi makapaniwala.

Aba, lalo na siyang na-challenge. Ito na ang pagkakataong hinihintay niya, a big break. Isang tsansa para mapatunayan niya ang sarili. Bonus pang dream project pa pala iyon ng mag-ina. Lalong bonus na sila ni Gabriel ang team.

"I love a good challenge. When do I start?" tanong niya, kompiyansang hindi lamang niya magagawa nang maayos ang proyekto, magiging daan din iyon para magkalapit sila ni Gabriel. And who knows, maybe when the project was complete, something sweet will blossom between them.

She's ready for it.

GUSTONG MAGSISI ni Marcie. Hindi niya inasahan na may ganitong bahagi ang probinsiya. Kadulu-duluhan pa yata ang sasadyain niyang property. Why the hell did Isolde buy a place there? Parang wala sa personalidad nito. Mukhang napag-iwanan

ng panahon ang bahaging iyon, rough road na ang daan dahil itiniwangwang, mala-crater ang lalim at laki ng mga butas sa kalsada. Umulan pa siguro kagabi kaya maputik ang daan. Ang kotseng pamana pa ng lolo niya, lalo nang nagmukhang malaki ang pinagdaanan sa buhay.

Ang signal ng phone ay hindi ganoon kalakas pero meron naman. Inutusan niya iyong tawagan ang officemate niyang si Beth. Kaibigan niya ang babae. Sinabi ni Isolde na puwede siyang kumuha ng assistant na makakatulong sa kanya mula sa opisina, si Beth ang kinuha niya.

Pagkasagot na pagkasagot pa lang nito ng phone ay sinabi niya, “Beth, paki-check nga kung tama itong nasa map ko. Ise-send ko sa `yo. Tingnan mo sa mas malaking screen. Magdadalawang oras na ang rough road!”

“S-sige. Uhm, mainit ang ulo mo?”

“Hindi naman. Pagod lang. Sobrang layo pala. May problema ba?”

“W-wala naman. Let me see... So far, tama

naman ang direksiyon mo sa map. Medyo malayo pa."

"Gutom na gutom na ako, Diyos ko! Gabriel owes me one," aniyang biglang napangiti. Alam ni Beth ang feelings niya para sa anak ng big boss.

"Uhm, Marcie? May sasabihin ako. Kanina narinig ko si Ma'am Katie," tukoy nito sa isang junior project manager na tulad niya. Maganda ang babae, konyo, maarte. Ito ang itinuturing niyang kalaban sa opisina. Ito ang nagsimula ng kompetisyon. Credit grabber ito. "Hindi nila siguro alam na nasa loob ako ng cubicle. Sabi niya sa kausap niya, niyaya daw niyang makipag-date si Sir Gab."

Nag-init ang ulo ni Marcie. "`Tapos?"

"Pumayag daw. Mamayang gabi daw sila magdi-dinner."

"That bitch!" sambit niya, kasabay ng pagsadsad ng kanyang kotse sa isang pagkalalim na uka sa daan. Natampal niya ang manibela sa frustration. Oo, sinabi ni Gabriel na liblib ang lugar, pero hindi niya

inasahan ang ganito! Paano niya mailalarawan sa isip ang isang ganitong lugar base sa kasosyalan ng mag-ina? Again, why did they even buy land there?!

Malapit nang masuklam si Marcie sa lugar na iyon nang kahit anong tapak niya sa silinyador ay umiikot lang ang gulong pero hindi siya umaabante. Nabalahaw na siya sa isang putikang uka sa daan.

"Are you okay?" nag-aalalang tanong ni Beth.

"Yes. I just… that bitch, Katie! And this godforsaken place! I will call you later. Nabalahaw ako." Tinapos na niya ang tawag. Mamaya na siya magsisintir tungkol sa date nina Gab at Katie. Kailangan niyang makaalis sa sitwasyon bago lumubog ang araw.

Ini-lock niya ang sasakyan matapos ilagay sa ilalim ng upuan ang laptop, saka lumabas ng kotse bitbit ang purse. Ayon sa map app, kalahating oras na lang ang layo niya sa destinasyon pero hula niya, aabutin pa siya ng dalawang oras dahil sa lagay ng kalsada.

Ngayong tumirik pa ang kotse niya, hindi niya alam kung paano na.

Tinawagan niya uli si Beth dahil hindi niya alam ang gagawin. Sinabi niya rito ang sitwasyon. Ang sabi nito, “Wait, itatanong ko kay Ma’am kung ano’ng number no’ng katiwala no’ng place. Baka puwede kang sunduin. Nabanggit ang name no’ng nakaraan pero hindi binigay ang number. Parang Nonoy something.”

Naghintay siya, lalo nang napu-frustrate, pero hindi maganda ang balita ni Beth.

“Nasa meeting si Ma’am. Si Sir Gab naman, hindi ko rin makontak. Wait ka na lang, mga thirty minutes na lang siguro `yong meeting. Sorry, Marcie.”

Napabuga siya. “Just let me know. Pero sisimulan ko nang maglakad bago ako abutin ng dilim sa daan.”

*Hindi mo kailangang ma-frustrate. Kaya ka pinadala dito kasi ikaw ang may ability. Kung unang araw pa lang, magta-tantrums ka na, paano ang promotion? Paano pa magpapatuloy*

*ang project? Besides, it's not like you can call Ma'am Isolde to say that you don't want to do this anymore. Ano na lang ang sasabihin niya? Forever ka nang junior project manager. At kung ibigay kay Katie ito at tanggapin niya? That bitch has resources, even has a brand-new SUV. Isa pa, para namang hindi ka naglaro sa palayan noong bata ka.*

But it all seemed so long ago now. Noong pinadala siya ng mommy niya sa probinsiya. Hanggang ten years old siya roon pero lumuwas din sila ng lolo at lola niya dahil madalas kailangang dumalaw sa ospital ng lola niya noon, kulang ang laboratoryo sa probinsiya. Nagrenta sila sa Fairview ng bahay. Kahit paano, may sustento siya mula sa mga magulang na kapag pinagsama, puwede na ring bumuhay sa kanya. Gayunman, mayroong pensiyon ang lolo at lola niya, bukod sa nasa buy and sell ng secondhand cars ang lolo niya.

Ang kabataan ang kanyang naaalala habang tinatahak niya ang maputik na daan,

tulad ng mga pilapil sa likod-bahay nila noon sa Sorsogon. Parang ganito rin sa kanila, malibang sementado ang barangay road.

Dito sa Sitio Balintag, parang kinalimutan ng panahon ang daan. Kinalimutan ng gobyerno. Konti lang siguro ang botante kaya hindi na pinagkaabalahan, o kaya ay walang pagkakaperahan kaya hindi na ni-repair ang kalsada. Mukhang noong unang panahon naman ay mayroon dahil may bakas pa niyon, pero parang crater na ngayon.

Sa kaliwa't kanan ng barangay road ay mayroong lupaing nababakuran ng barbed wire. Ayon sa mapa, Rancho San Jose ang pangalan noon. Lumusot na siya sa barbed wire dahil kasya naman siya. Malapit lang mula sa kanya ang main house ng rancho. Kung lalakarin niya, sa estimate ni Google ay aabutin ng kalahating oras. Nagsimula na siya.

Napakaputik! Ang sneakers niyang cream, ngayon ay brown na. Malamang din na wala na siyang naiiwang shoeprint dahil bumaon

na sa ilalim ng rubber soles ang putik. Paborito pa naman niya ang sneakers, malamang na abutin siya ng siyam-siyam sa pagkuskos sa ilalim niyon. Wala, magiging patapon na rin iyon dahil wala siyang baong mumurahing sapatos. So frustrating!

Sige siya sa paglalakad, ang plano ay marating ang bahay ng rancho. Sana ay hindi abandonado. Natigilan siya nang makarinig ng tunog na hindi pamilyar sa kanya. Paglingon ay nakita niya ang isang malaking kabayong kulay brown. At ang sakay niyon ay isang malaking bulto ng lalaki. Sa wakas, may nakita rin siyang tao.

Ikinaway niya ang braso dito.

"Shit!" sambit niya nang mapansing parang walang balak tumigil ang kabayo sa pagtakbo. Sa laki niyon, siguradong baldado siya kapag nasagasaan siya. Hindi na siya nakapag-isip at lumundag na lang sa damuhan bago pa madale ng rumaragasang kabayo. Instinctively ay pumihit siya para bumangon sana pero nawalan ng balanse

nang dumulas ang paa sa putik. Puwit niya naman ang naputikan.

Gimbal siya pero salamat at tumigil na ang kabayo tatlong metro mula sa kinatatayuan niya kanina. Hindi niya alam kung paano nangyari iyon. Taas-baba ang kanyang dibdib, nakatingin sa lalaking sakay pa rin ng kabayo. Halos mabingi siya sa lakas ng tibok ng puso sa muntikan nang pagkaaksidente. That horse could've crushed her, and she wouldn't have been able to move at all.

"Ayos ka lang?" tanong ng lalaki, mababa ang tinig, bumaba mula sa hayop at naglakad patungo sa kanya, inalok ang kamay.

"Ayos?! Ayos?! Muntikan mo na `kong nasagasaan, ayos?! Tingnan mong hitsura ko! Puro putik na `ko! This is an original Prada!" singhal niya, kurut-kurot ng dalawang daliri ang blusa.

Pinanlisikan niya ng mga mata ang lalaking kunot na kunot ang noo. He was at least six feet tall. Ang suot nito ay pantalong maong na hakab sa mahahaba nitong binti.

Ang pang-itaas nito ay puting kamisa de chino na long-sleeves, karaniwang sinusuot ng mga nagtatrabaho sa arawan, o kaya pang-ilalim sa barong, o pang-costume na Andres Bonifacio. Pero imbes na magmukhang alinman sa tatlo, naging fashionable sa lalaki. Bakas sa kamisa ang maganda nitong pangangatawan—maskuladong braso, solidong dibdib, patag na tiyan. The man had salt and pepper hair, mustache, and beard, probably twenty years older than her. At dahil nakalilis ang manggas ng kamisa ay kita niya ang tinta sa braso nito. It was probably a full sleeve tattoo.

"Hindi ka man lang magso-sorry?" patuloy niya, nakaupo pa rin sa lupa, hindi tinanggap ang kamay nito.

"Wala akong kasalanan sa `yo." Iniwan na siya nito at sumakay nang muli sa kabayo.

"Muntikan mo na `kong masagasaan!" ulit niya.

Sukat bigla itong naglabas ng baril. Napanganga siya hanggang sa

umalingawngaw sa kanyang tainga ang isang putok kaya siya napapikit. Pero muling dumilat nang walang madamang tama sa katawan. Kinapa niya ang sarili, halos tiyak na umaagos ang kanyang dugo at hindi lang niya alam kung saan eksakto. The shock must have paralyzed her, so she didn't feel anything. Nanginig ang kanyang kalamnan, nanlalaki ang mga mata habang nakatingin sa lalaki.

Hindi ito nagsalita, itinuro lang ang tabi niya kaya napalingon siya roon. Isang malaking ahas ang ngayon ay papasag-pasag kahit may butas na sa ulo.

"Diyos ko…" sambit niya sa malat nang tinig. Agad siyang tumayo pero sa panginginig ng tuhod ay napasadlak na naman sa lupa.

"Saan ka galing?" tanong ng lalaki.

"M-Manila," sagot niyang may aftershock pa rin.

"Bumalik ka na. Hindi ka tatagal dito," anito.

The audacity of the man!

"B-bastos," sikmat niya. "Nasaan ang pinakamalapit na barangay? May ipapa-blotter ako!" nagawa niyang isinghal kahit dama pa rin ang panginginig ng kalamnan.

"Halika, sumakay ka na at ihahatid kita do'n."

"Over my dead body!" bulyaw niya, gusto nang umiyak. Wala pa yatang dalawang minuto, muntikan na siyang masagasaan ng dambuhalang kabayo, matuklaw ng ahas, at madaplisan ng bala! Nangangatal na siya!

"De sige, maiwan na kita dito. Madami pang ahas diyan. Lakarin mo na lang." Nilapitan na nito ang kabayo at ipinihit.

"S-saglit lang!" habol niya, saka tumayo kahit mahina pa rin ang mga tuhod. Noon lang niya nadama ang ganoong klase ng panghihina. Lumapit naman ang lalaki at inabot ang kamay sa kanya. Tinanggap niya dahil parang bibigay na naman ang kanyang mga tuhod.

Sumipol ito na siya palang pantawag sa kabayong lumapit sa kanila. Hinawakan nito

ng isang kamay ang renda, habang hawak niya pa rin ang kabila nitong kamay.

"Kaya mo na bang tumayo? Sasakay ako," anito.

Tumango siya. Sumakay na nga ito sa kabayo.

"Akin na ang kamay mo. Ituntong mo ang paa mo sa paa ko," utos nito na siyang ginawa niya, nagpatianod na lang dahil wala siyang choice.

Hinigit siya nito pataas at napaupo siya sa likuran nito. Ang daming isiping gumulo sa kanya, at isa sa mga iyon ay parang walang lulugaran sa sitwasyon pero naroon—ang preskong bango ng lalaki.

Naikapit ni Marcie ang mga kamay sa baywang ng barumbado. Para itong nananadya na mabilis ang patakbo sa kabayo. Gusto na niya itong singhalan dahil hindi siya naka-sports bra! Aba'y mabigat at maalog dahil siya ay lubos na pinagpala.

"Slow down!" aniya nang hindi makatiis.

Bumagal naman ang patakbo nito pero

kaunti lang. Gayunman ay sapat para mabawasan ang kanyang kaba.

Hindi niya naiwasang mapansin ang mumunting mga bagay sa lalaki. He was clearly the master; in total control of the powerful animal he was riding. He had the brawn for it. He looked tougher than the beast.

Naitanong niyang bigla kung ilang taon eksakto kaya ang agwat ng kanilang mga edad. Was he married? He seemed like the kind of guy who would settle down early, marry his high school sweetheart, stay in the province, and then have plenty of kids.

Baka bantay sa lupaing iyon dahil may baril. Guard? Ewan, hindi niya dapat isipin pa. So what kung ito ang "pinakalalaking" taong nakilala niya? The man possessed rugged masculinity. He was strikingly handsome as well. Mestizo ito pero pinatingkad ng araw ang kulay ng balat.

Pinilit niya ang sariling tigilan na ang katangahang iyon, ang isipin ang lalaking

nasa harapan niya. Kailangan niyang makahanap ng hihila ng kanyang sasakyan. Kailangan din niyang makadaan sa kung saang sarisari store. Gutom na gutom na siya at wala siyang baong pagkain dahil hindi niya inasahang nasa dulo ng sibilisasyon ang project.

Mayamaya ay lumabas na sila sa lupain, tumawid sa lubak-lubak na kalsada at humimpil sa tapat ng isang simpleng barangay hall.

Agad siyang bumitiw dito, inihakbang ang binti, saka nagpadausdos pababa.

"O," sambit nito, siguro ay hindi inasahang bigla siyang tatalon.

Big mistake. Hindi niya natantiya ang taas ng kabayo. Nawalan ng balanse ang isa niyang paa nang sumayad sa putik. Bumagsak siya, una ang puwit. Nagtilamsikan ang lamang kulay-chocolate milk ng isang uka.

Napatingin siya sa lalaki nang makitang tila tuwang-tuwa ito habang nakatingin sa kanya, sakay pa rin ng kabayo. Mas lalo

palang gumuguwapo kapag tumatagal, lalo na kapag nakangiti. O ngisi ba `yon? At obviously, siya ang pinagtatawanan.

"Ano'ng nakakatawa?" angil niya.

"Nagmamadali ka masyado, eh, alalayan sana kitang bumaba. Maginoo naman ako. Eh, ayaw mo. Sabagay, makapal naman ang shock absorber."

Napanganga siya. Sira-ulo! Pati malaki niyang puwit, nakita! Bago pa siya makahirit ay itinuro na nito ang maliit na istraktura.

"`Ayan ang barangay, ipa-blotter mo na `ko."

Tumayo siya, napangiwi sa sakit ng balakang. "Ano'ng pangalan mo?" sikmat niya.

"Si Abel kamo." May naaaliw itong ngiti nang sumaludo, saka pinatakbo na ang kabayo.

# CHAPTER TWO

Siyempre, hindi ni-report ni Marcie si Abel sa barangay dahil malamang na kakilala pa nito. Isa pa, wala namang ginawang masama, nakakabuwisit lang. She had to take care of her car though.

Matulungin naman ang mga tanod. In fairness, may gamit ding four-wheel drive ang mga ito, luma nga lang pero mukhang reliable. Siguro nga naman, kailangan talaga sa ganoong klase ng daan. Magre-request siya ng four-wheel drive kay Isolde. Hindi patas na malalamog ang kanyang kotseng nine years old at pagkatapos, ide-date ni Gabriel si Katie? Alam niyang walang koneksiyon pero

para sa kanya, meron! She wanted to impress the boss, who was dating someone else. At heto siya, handang lamugin ang kotse para patunayan ang husay sa trabaho. Para magpa-impress.

*FML.*

Sinamahan siya ng mga tanod sa kotse niya pero hindi raw mahihila ng mga ito iyon. Ibang sasakyan daw ang panghila na kasalukuyan ding mayroong hinihila.

"Saan pa ba kayo tutuloy niyan, ma'am?" tanong sa kanya ng isang tanod. "Kung malayo pa, baka mas mainam na ihatid na muna namin kayo sa plaza. May hotel naman do'n. Iwan na lang natin ang kotse ninyo dito at bukas na lang balikan. Wala namang gagalaw nito dito."

Salamat at may nalalabi pang mababait na tao sa mundo. Kinuha lang niya ang gamit sa sasakyan at nagpahatid na sa tanod sa plaza. Saglit lang nila iyong narating. Ang "hotel" na tinukoy ng tanod ay isang inn na feeling niya ay puntahan ng mga babae sa katapat na

Virgin's Paradise Beer Garden at ng mga customer ng mga iyon. Hayun ang mga "virgin" sa kalsada, nagyoyosi. Alangan namang bumalik pa siya? Alas-siyete na, pagod siya at nanginginig ang mga tuhod sa gutom. Isa pa ay saan siya tutuloy? Ni hindi niya alam kung maayos ang sinasabing bahay sa lupain.

Ilang hakbang mula sa Virgin's ay ang Mang Diego's Kantina. Sa bandang ilalim ng karatula ay nakasulat: *Ihaw-ihaw, Beer, and Billiards.* At naaamoy niya ang inihaw ni Mang Diego. Lalong kumalam ang kanyang tiyan.

Ibinigay ng tanod ang numero ng barangay, maging ang mga puwede niyang rentahan ng sasakyan. Nagpasalamat siya sa mga tanod at nag-abot ng dalawang lilibuhin. Gusto man niyang kumain na ay kailangan niya munang iwan ang mga gamit sa inn.

Isang petite na receptionist ang naabutan niya sa likuran ng reception desk, parang alangang-alangan ang babae doon. Wala pa

yata itong five feet, may salamin sa mga mata, cute, baka twenty-one lang, nakasuot ng polo shirt na may kupas na burda ng pangalan ng inn sa kaliwang dibdib na tinernuhan nito ng square pants. May suot itong cardigan na parang malaki rito at bulky.

Mukha itong tipong kumukuha ng art course, mahilig sa calligraphy, journaling, sumusulat ng mga tula, at marunong maggitara, pero nasa isang lugar na nagpaparenta ng mga silid by the hour, para sa mga customer ng beerhouse. Gayunman, mabait ito at mukhang ito ang dahilan kung bakit mukhang kanais-nais ang lobby. Malinis iyon at mukhang respectable naman. Sinabi nitong sa mismong silid sa gusali siya itse-check in at hindi sa nakabukod na gusali. Kahit paano ay nakampante siya, lalo na nang dalhin siya nito sa silid.

"Para sa mga transient namin talaga ito," anitong ngumiti, parang proud sa sinabi, itinaas ang salamin sa ilong habang hila-hila ang carry-on luggage niya. "Unti-unti kong

inaayos itong part na `to ng inn para talaga sa mga transient. Iyong mga daily, weekly, at monthly guests ang dito ko binu-book."

Ngumiti siya sa babae, kahit duda siya kung merong weekly at monthly guests sa lugar na iyon. Siguro, gusto lang nitong sabihing hindi nito pinapatuloy sa main building ang mga per oras ang bayad sa kuwarto, na salamat naman dahil kung hindi maganda ang tutuluyan niya sa site, talagang kakailanganin niya ang inn.

Maayos at malinis ang silid, bagaman luma. Nagpasalamat siya sa receptionist. Iniwan lang niya ang maleta sa silid matapos ang mabilisang shower, at agad nang nagtungo sa Mang Diego's.

Takam na takam siya, inorder ang lahat ng gusto. Good for three yata ang pinaluto niya—pusit, liempo, atay-balunan, isda. Pumuwesto siya sa bandang hindi mausok. Para masolusyonan ang kalam ng tiyan, umorder na rin muna siya ng sisig na mabilis lang daw mase-serve.

Agad nga iyong isinilbi sa kanya, kasama ng isang beer. Sasabihin sana niya sa serbidora na wala siyang inorder na beer pero nagkibit na lang siya ng mga balikat. Might as well. Habang iniinom iyon ay nag-message siya kay Beth, sinabi ang nangyari at ang request niyang sasakyan.

Nang mag-angat siya ng mukha ay nakita niya ang tatlong kalalakihan sa di-kalayuang mesa, nakatingin sa kanya. Mukhang mga maton. Kumindat sa kanya ang isa.

*Ewww.* Ang lakas ng loob kumindat, feeling pogi kahit mukhang balut.

Napikon siya pero walang balak magtaray. Hindi na lang niya pinansin ang mga ito at nagpatuloy sa pagkain ng sisig at pag-inom ng beer. Hanggang isilbi na ang order niya. Kumain siya pero hindi komportable dahil nakikita niyang nakatingin pa rin sa kanya ang tatlong lalaki. Gusto niyang mapikon dahil pagod na nga siya at ngayon lang nakaka-relax, meron pang tatlong itlog. Mga matong pangit, iyong tipong kinukuhang

extra para gumanap na goons sa telenovela, alalay ng main kontrabida at suwertihan nang magkaroon ng isa-dalawang linya.

Hindi pa man tapos ang dinner niya, nagdala na ng isa pang bote ng beer ang serbidora.

"Bigay po uli nina Boss Lando," anito, sabay turo sa gawi ng "poultry."

"Hindi ko matatanggap. Salamat na lang. Sila ba ang may bigay nitong una? Babayaran ko. Sorry, wala akong balak magpalibre. Pakisabi na lang na ako ang magbabayad," aniya, mahinahon kahit gustong umirap. Kadalasang mataray siya kapag may ganoong mga lalaki. At madami siyang naeengkuwentrong ganoon, kahit pa nga hindi kasinggarapal ng mga ito kadalasan.

Sumpa yata talaga iyon sa mga babaeng tulad niya, iyong mga malalaki ang hinaharap at nililikod. Mula nang magdalaga siya ay napansin na niya at sa pag-andar ng panahon, natutuhang tanggapin na kailangan niyang protektahan ang sarili sa mga lalaking agad na

naiisip na "babaeng pangkama" siya dahil lang sa kanyang katawan, ewan kung bakit. Kaya nga noong pinost siya ni Eleonor, ang unang sinabi ng mga tao ay mukha raw siyang pangkama. Kasalanan ba niya kung kahit na ano ang isuot niya, mahirap itago ang sukat ng dibdib niya at puwit? Parang tiyan ng buntis na malaki, parang katabaan o kapayatan, you can only do so much. Punyetang mga tao sa mundo, kapag ang katawan ay tulad ng sa kanya, sexualized agad.

Hanggang sa nagsawa na rin siyang itago ang katawan niya. Pero siyempre, pinipili rin niya ang isusuot base sa pupuntahan dahil nga ayaw niyang maka-attract ng mga bastos. Siya na ang nag-adjust. Sa opisina, wala namang problema. Pero kapag alam niyang madami siyang kakausaping lalaki, karaniwan nang ang isinusuot niya ay iyong maluwag na damit.

Ngayon, ang suot niya ay T-shirt na makapal at maluwag, pantalong maong, at sneakers, pero kinikindat-kindatan pa rin siya

ng tatlong itlog na ni hindi niya tinitingnan! Pinagpatuloy niya ang pagkain habang pasimpleng inoobserbahan ang mga lalaki. Nananahimik siya, may ganito pang eksena. She was too tired for this.

Kinausap ng waitress ang tatlong lalaki. Mukhang nakantiyawan ng silver at bronze medalists sa chakathlon ang gold medalist, na biglang tumindig. Malaking lalaki, matangkad, kalbo, malaki ang tiyan, mukhang mabaho, at nang makalapit na sa kanya, confirmed ang kabahuan.

Lihim siyang napamura sa isip. Naupo ito sa katapat niyang silya nang walang paalam. Kung nasa ibang lugar sila, kanina pa ito nagliyab sa maaanghang niyang salita. Mana siya sa lola niyang nagpalaki sa kanya, kutatera.

"Ako nga pala si Lando," pakilala nito sa sarili. "Beer pa?"

"Hindi. Pagod ako. Puwedeng iwan mo na lang ako dito?" pakiusap niya sa sibil na tono pero konti na lang ay aalpas na ang pigil-pigil

niyang katarayan.

Dead-ma ito, feeling suwabe, kumindat, sabay, "Bakit ka nag-iisa? Saan ka tutuloy niyan?"

Hindi siya umimik, walang balak pansinin ang lalaking amoy-chiko at paksiw. Kapag patuloy niya itong in-entertain, alam niyang lalong mae-encourage at baka lalong sabihin na nagpapakita siya ng motibo o pinapaasa niya. Kilatis na kilatis na niya ang mga ganitong lalaki na makausap mo lang, akala na ay may gusto ka. Kapag naman tinarayan niya, baka mapahiya sa mga kasama at maging bayolente. Mas maigi nang itikom ang kanyang bibig at umalis sa eksena.

Sinenyasan niya ang waitress na ibigay na sa kanya ang bill.

"Bastos ka, miss, ah. Kinakausap kita," sabi ni Boy Bantot. Halatang nakanti ang ego nito.

Humuhulagpos na ang pasensiya niya.

"Hindi ako interesado," aniya, may talim na ang tinig.

"Sasama ka sa `kin," sabi nito. "Sasaglit tayo diyan sa tapat, sa inn. Wala kang kasama, eh. Ako na lang." Ngumisi ito.

Nangilabot siya sa mental picture. Naglabas na lang siya ng pera at ipinatong iyon sa mesa. Akmang tatayo siya nang hawakan ng lalaki ang braso niya, mahigpit, masakit, malagkit pa.

"Pinapahiya mo `ko sa tropa, miss. Pinusta ko nang sasama ka sa `kin sa tapat."

"Tanga ka pala, bakit ka pumusta, hitsura mong `yan?" pagtataray niya, against her better judgment, of course. Wala na siyang kontrol sa bibig, tuluyan nang humulagpos ang kanyang pasensiya. She was tired and she was not gonna sit there and take this. Sisigaw siya kung kinakailangan.

"Problema?"

Agad siyang binitiwan ng mabahong mama.

Napalingon siya sa nagsalita sa kanyang likuran.

Abel. Gorgeous silver fox, Abel.

MATANGKAD si Abel, alam na iyon ni Marcie. Pero dahil nasa likuran niya ito at parang pader doon, lalo iyong nabigyang-diin sa kanya.

Nakakunot ang noo nito, deretsong nakatingin sa lalaking nagpakilala bilang Lando. Agad siyang tumayo, tumabi kay Abel, kasabay ng paglapit ng dalawang kasamahang maton ni Lando sa kanila. Ngayon ay nakaharap na silang dalawa ni Abel sa tatlong pangit. Bagaman mas matangkad si Abel sa tatlo, malalaking lalaki rin ang mga iyon, mukhang nakakailang extra rice araw-araw. For some reason though, she was sure Abel would win against the three. Maybe because he had a gun.

Napasulyap siya sa tagiliran nito. No. The man was not packing this time. Pero mukhang hindi na kailangan pang magkaroon ng gulo dahil mapagkumbaba naman si Lando nang magsalita.

"Nagkakatuwaan lang, Abel. Ang ganda kasi ni Miss, eh. Nag-iisa, baka lang gusto ng

kasama."

"Kadiri," hindi napigilang sambit niya. Makapanindig-balahibo ang ideya ng lalaki.

"Arbor ko na `to. Ayos lang?" ani Abel sa mga ito.

"Ayos lang, basta ikaw. Beer? Pulutan? Sagot na namin," anang kasamahan ni Lando, hindi pinansin ang sinabi niya.

Nagprotesta siya. "Actually—"

"Sige. Dalawang beer." Tumingin si Abel sa kanya.

"I don't think—"

"Iinom ka ng beer," ani Abel sa kanya, mariin.

Hindi niya alam kung ano ang isasagot. Ayaw na niyang uminom, pero sa kung anong dahilan, may tiwala siya kay Abel, bukod pa sa mukhang hindi siya nito pababayaan sa kamay ng goons.

"Pulutan, Abel?" Si Lando. "Sabagay, meron ka na diyang mabangong pulutan."

Were these men for real? The hell? Parang na-trap sa eighties. Buong akala ni Marcie, sa

mga lumang pelikula lang ni FPJ may mga ganitong tao. Pero kung pagbabasehan niya ang ilang mga pelikulang napanood, kailangan niyang manahimik kung ayaw niyang mapahamak. Mahirap dahil talagang ang gusto na lamang niyang gawin ay magpahinga at iritable na siyang talaga. Hindi rin siya sanay na tinatratong ganito, sa isang sitwasyong hindi niya makontrol. Naitanong niya tuloy bigla sa sarili kung uubra kaya ang pepper spray niya sa mga lalaking ito.

Naisip din niya, kung papalag ba siyang maigi, wala man lang ni isang customer ang magvi-video? Ang sasaklolo? Ang may-ari ng kainan, alangan namang pabayaang saktan siya ng mga maton? Pero siyempre, ayaw niya ring sumugal. Just in case lang.

Tinawag ni Lando ang waitress, umorder ng beer at pulutan. Lumayo na ang tatlong lalaki, matapos sabihing babayaran na ng mga ito ang ihahatid ng serbidora.

“I don’t want to drink anymore. Pagod ako,” aniya kay Abel.

"Masyadong malakas ang loob mo. Iinumin natin ang beer, saka tayo magpapaalam sa kanila," ani Abel, parang inis pero nagtitimpi.

"Fine."

"Naka-check in ka sa inn?" tanong nito. Tumango siya. "Kukunin mo ang gamit mo. Sa bahay ka na matulog."

"Absolutely not. Are you insane? Hindi ako umiwas sa kanila para mauwi lang sa `yo. Yuck."

Bumuga ang lalaki, parang exasperated.

"Tingnan mo ang baywang ni Lando. Nakikita mo ba ang baril? Lahat sila meron dahil bodyguard ni Mayor ang mga `yan. Ngayon, kung papasukin ka niyan sa kuwarto mo, walang magagawa ang bantay do'n. Kung gusto mo, de sige. Bahala ka na. Uubusin ko lang `to, uuwi na `ko."

"W-wait," sambit niya. Gusto niyang mainis sa sarili. Bakit ba ayaw gumana ng isip niya? Ah, it was just a very bad day all in all.

Hindi umimik si Abel, tumungga ng beer.

Pinagmasdan niya ito. His Adam's apple moved as he chugged his beer, his chiseled jawline apparent even with all the facial hair, his neck exposed. May nakasungaw doong tattoo, katerno ng full sleeve tat nito. She lied when she said "yuck."

Walang yuck sa lalaking ito. Pero hindi na nito kailangan pang malaman iyon.

Tumayo ito at itinaas ang kamay sa tatlong lalaki, tanda ng pamamaalam. Agad siyang sumunod dito palabas ng kainan, nag-abot ng pera sa waitress para pambayad sa kinain niya.

"Teka lang!" habol niya sa lalaki.

Sumakay na ito sa isang motorsiklo na nakaparada sa tapat ng kainan. Malaki iyon, matangkad, panay putik ang gulong.

"Saglit lang!" nagpa-panic na niyang sabi.

Nakatingin lang sa kanya ang lalaki, parang naghihintay ng sasabihin niya. Nang hindi siya magsalita ay pinihit na nito ang susi sa engine.

"I'm coming with you," aniya.

Imbes na sumagot ay isinuot nito ang

helmet pero hindi naman ibinaba ang shield.

"At?"

"I can pay. How much?"

Napailing ito, hindi umimik, bagkus ay tinadyakan ang starter.

"Wait! Wait lang! Sasama ako sa `yo... Ah... Uhm... Please?"

"Sakay na," sabi nitong ngumiti. Umakyat yata ang puso niya sa kanyang lalamunan.

# CHAPTER THREE

Kinuha ni Marcie ang gamit sa inn. Kasya iyon sa likod niya sa motor ni Abel. May reserba ring helmet ang lalaki na binigay sa kanya, mabango at mukhang bago.

Naiilang siyang kumapit sa lalaki. Malaki sana ang puwesto pero dahil sa maleta, nakasiksik tuloy siya sa lalaki. Sa huli, inilapat niya na lang ang mga palad sa baywang nito. Hindi pa man sila nakakalayo ay tumigil na ang motor.

“Ayusin mo’ng kapit mo. May kiliti ako diyan,” ani Abel.

Nahihimigan niyang nakangiti ito nang sabihin iyon kahit hindi siya nilingon.

Bahagya lang niyang inabante ang kamay sa unahan, sa tiyan nito. It was solid. The man must enjoy working out. Abel's sex appeal was off the charts. Kahit sa pagod niyang estado, parang nabubuhay ang katawang lupa niya sa lalaking ito. And she felt horrible. Hindi siya nagpunta sa liblib na probinsiya para magnasa sa isang farm worker, kahit gaano pa iyon kaguwapo. Naroon siya sa Kinaadman para magtrabaho. Isa pa, baka twenty years old na ito nang ipanganak siya. She had no business desiring this man. At all. Besides, he was not her usual type. Ang gusto niya sa lalaki ay iyong tulad ni Gabriel—clean-cut, preppy. Abel was the exact opposite.

Pinasibad na nito ang motor. Parang nananadya ito, pagliko sa isang kanto ay medyo sumobra yata ang pagtagilid at baba ng motor, tuloy ay bigla siyang napayakap dito. Fine. Bakit ba siya nailang bigla sa lalaki sa isang aksiyong dapat ay walang malisya? Hindi niya kayang ipaliwanag. Something about him was making her feel

uncomfortable. It was probably all that sex appeal. She had never met anyone like him before. Pero kaysa naman mahulog siya sa motorsiklo. Besides, nakakatakot ang lugar sa gabi kahit pa mayroong poste ng ilaw sa kalsada, oddly enough. Siguro dahil sa nangyari sa kainan.

She liked the man's scent. Gusto rin niya ang nakakapang muscles sa katawan nito. Bigla siyang naging alerto sa sariling katawan, partikular sa bahaging dumidikit at tumatalbog sa likuran nito. Hindi naman siguro nito pansin. Siguro naman ay napakarami na nitong naiangkas sa ganoong lugar na motorsiklo siguro ang pangunahing gamit ng mga tao.

Mayamaya ay pumasok na ang motor sa malaking lupain, ang pinasok niya kanina—sa main entrance ng Rancho San Jose. Nakabukas ang gate, binuksan ng isang lalaking itinaas ang kamay bilang pagbati sa kanila. Tuluy-tuloy lang ang motor hanggang marating ang isang maliit at kongkrektong

bahay. Walang pintura ang mga pader niyon, ang bubong ay gawa sa nipa. Mayroong tarangkahan na yari sa kawayan, sa loob ng bakuran ay may malaking mango tree.

Bumaba ang lalaki sa motor at inalalayan siyang makababa rin. Binitbit nito ang maleta niya papasok sa pinto.

Payak din ang loob ng bahay. Red cement ang sahig na makintab. Ang sofa ay daybed, malapad at mahaba, maluwag sa apat na tao, parang masarap tambayan. May dalawang pinto sa isang panig ng sala. Tumuloy ito sa isa. Nakasunod si Marcie. Maliit ang silid pero may window-type AC, malinis, halatang hindi ginagamit dahil walang sapin ang kutson.

So the man was single. Napatingin siya sa daliri nito. No wedding band indeed.

"Dito ka. Nasa aparador ang mga kumot at unan," anito, saka biglang ngumisi. "Malibang gusto mo ng kasama. Puwede kang lumipat sa kuwarto ko sa kabila."

Itinaas ni Marcie ang isang kilay kay Abel

kahit may kung anong kilig siyang nadama sa pilyong ngiti nito. Nakakakilig pala kapag guwapo ang nanglalandi sa `yo. Not that this was her first time, pero halos apat na taon na rin mula nang huli siyang makaramdam ng kilig.

"Nagbibiro lang ako," ani Abel, nakangiti pa rin. "Baka uminit na naman ang ulo mo. Magpahinga ka na. Tipirin mo'ng pasensiya mo dito sa probinsiya. Mabagal ang andar ng buhay dito kumpara sa Maynila." Bahagya itong tumango. "Magandang gabi."

Pumihit na ito, habang siya ay noon lang naunawaang malakas pala ang tibok ng puso at mainit ang pakiramdam ng mga pisngi. Nakamasid lang siya sa pintong nilabasan ng lalaki.

Mayamaya ay ibinagsak niya ang katawan sa kama. Kakausapin pa niya si Beth pero naisip niyang magpadala na lang ng short message at pumikit muna. Gigising siya ng alas-diyes dahil alam niya namang late na kung matulog ang babae. Ipinikit na niya ang

mga mata.

Nang maalimpungatan siya ay agad niyang inabot ang phone at nakitang alas-onse na. May message si Beth, ang sabi ay magpahinga na lang muna siya at bukas na sila mag-usap. Ipinadala niya ang eksaktong lokasyon dito, maging ang pangalan ni Abel. Naunawaan niyang ni hindi niya alam kung ano ang apelyido ng lalaki.

Bumangon na siya, nilagyan ng sapin ang kama at punda ang mga unan. Everything smelled clean and fresh. Lumabas na siya pagkatapos, tumuloy sa banyo na nasa kusina. Tahimik ang bawat pagkilos niya dahil mga kuliglig lang ang kanyang naririnig. She would hate to wake Abel up. Ngayong nakapahinga na siya, naunawaan niyang malaking tulong ang lalaki sa kanya. He was kind of arrogant, like someone who was used to getting his way, but he was helpful, nonetheless. Siguro, ito ang boss-boss doon, ang katiwala, kaya siyempre, sanay na ito ang nasusunod. Aabutan na lang niya ito ng pera

bukas bilang pasasalamat.

Nang matapos maligo at magsepilyo ay napaungol siya nang maunawaang hindi siya nakapagdala ng tuwalya. Sumilip siya sa pinto at nang makitang clear ang daan patungo sa silid ay nagdesisyon siyang takbuhin na lang iyon kaysa mabasa ang damit niya. Bukas, aalis na siya at ayaw niyang magbaon ng basang damit.

Patiyad siyang tumakbo patungo sa kuwarto. Okay na sana kung hindi niya napansin na may malaking bulto ng anino ilang hakbang bago niya marating ang pinto. Gulantang siyang napalingon at napanganga. Hindi niya alam kung sino sa kanila ni Abel ang mas mukhang nabigla.

May hawak itong baso ng tubig na mukhang hindi na nito nainom dahil napatingin na sa kanya. Ang tanging suot nito ay isang boxer briefs, nakalantad ang magandang katawan. It was the body of a hardworking man who probably enjoyed lifting weights and doing sit-ups. Full sleeve

ang tattoo nito sa isang braso at puno rin ng tinta ang kalahati ng dibdib. Abot ang magandang obra sa balat hanggang sa ilalim ng leeg, tila vines na nagbabantang kumalat pataas.

Hindi lang niya nabistahan ang ibang bahagi ng katawan nito dahil malamlam lang ang liwanag na mula sa ilaw sa labas ng bintana. At bakit niya naman gustong makita lahat? Well, para fair. But what she was seeing was enough for her to conclude that the man was hot. Superhot.

Ito ang unang nakabawi.

"Nice," sambit nito, namuo ang pilyong ngiti sa mga labi. "Two thumbs up. Ten out of ten."

Ni-rate pa siya ng luku-luko! Wala siyang maapuhap na sagot.

"Stop staring at me!" sikmat niya sa lalaki, naidiin ang braso sa dibdib na umaapaw doon, habang ang isang kamay na may hawak na damit ay naitakip sa ibabang bahagi ng katawan.

"Sige, pipikit na lang ako," anitong nakangisi pa rin, pero hindi naman pumikit.

"Ugh! You're so... so..." Nalimutan na niya ang sasabihin dahil gumalaw ito at ang inaaninag niya kanina ay nabistahan na. Nanlaki ang kanyang mga mata at napalunok. That must be some trick of the light because, dang, if what she was seeing was real, he's a very lucky guy indeed. And, well, he seemed very happy to see her, too.

"Pumasok ka na. Baka kung ano pa magawa ko sa `yo... maldita," sabi nitong ininom na ang tubig.

Kung bakit nakamasid lang siya sa Adam's apple nitong tumaas-baba habang umiinom. Bigla siyang napalunok.

"Pasok na," ulit nito sa tonong nananaway nang maibaba ang baso.

Noon lang siya natauhan. Agad siyang tumakbo sa silid at nang maisara iyon ay sumandal sa pinto, naririnig ang tibok ng puso sa mga tainga. Malinaw sa kanya kung ano ang nangyari. Alam niya kung bakit hindi

siya nagmadali. Nabaliw siya sandali at naging ubod-landi.

Naisubsob niya ang mukha sa damit na hawak. Nabasa ba ni Abel ang nasa isip niya kaya bigla siyang pinapasok sa loob ng kuwarto? Maybe. Men like him probably had lots of experience with women, habang siya ay first time natuksong maglumandi sa kung anong dahilan. Maybe the idea of a random encounter with a hot and experienced man had such an appeal to her subconsciously. Ewan, noon lang niya iyon nadama. And it's not as if she understood what she wanted immediately. Hindi iyon agad rumehistro dahil hindi naman araw-araw siyang naaabutang burles ng isang hot tito.

Gusto niyang mapahiya pero wala na, nandoon na siya. Babawi na lang siya bukas. Maaga siyang aalis, aabutan ang lalaki ng pera, at hinding-hindi na magpapakita pa rito. Pero habang isinusuot ang pantulog ay parang masama ang loob niya sa idea. Ano ba ang issue sa kaunting adventure? At least, this

time, siya ang in control. Hindi tulad ng last relationship niya kay Vin.

Nang mangyari iyon, pakiramdam niya, wala siyang control sa buhay niya. Nangako siya sa sariling hinding-hindi na uli mangyayari sa kanya iyon. Kaya nakakatukso ang idea na siya ang magdedesisyon sa kanila ni Abel—nasa kanya ang control.

*Tumigil ka. Pinapasok ka na nga sa kuwarto, anong desisyon pinagsasasabi mo diyan? Basta't maaga kang umalis bukas, abutan mo ng three K para sa accommodation at tulong, at kalimutan mo na siya. May trabaho ka dito, `yon ang isaksak mo sa utak mo! Period!*

"O, ANO `TO?" nagtatakang tanong kay Marcie ni Abel, hawak ang ilang lilibuhin na iniabot niya rito. Paalis na siya para tumuloy sa arkilahan ng sasakyan. Natawagan na niya iyon, may available naman daw na unit.

"It's for your trouble. For the accommodation and everything else. Take it,

please."

Tumaas ang isang sulok ng mga labi nito. "Iba talaga kapag laking-Maynila, iniisip na lahat ng bagay may bayad."

Inilapag nito ang pera sa coffee table. "Libre ka dito, puwede kang tumuloy kahit kelan mo gusto. May lakad pa ako. Paano?"

Napilitan siyang kunin uli ang pera at isuksok sa bag. "Fine. Thank you for everything."

Hindi niya alam kung saan nanggaling ang panghihinayang na nakapa niya sa puso. Hindi na niya ito makikitang muli? Parang tutol ang kalooban niya.

Lumabas na sila. Ito ay sa motor sumakay, siya ay sa kotseng nadala na roon ng barangay. Naghiwalay na sila ni Abel. Ewan kung bakit panay ang buntong-hininga niya.

Nagtungo na siya sa rentahan ng sasakyan. Iniwan doon ang kotse at safe naman daw doon. Isa iyong talyer at madaming mga sasakyang for rent, iba-ibang klase. Bumiyahe na rin siya sakay ng rented four-wheel drive.

Tinawagan niya si Beth at nag-report dito.

"Nakausap ko si Ma'am Mila," anitong ang tinukoy ay ang executive assistant ni Isolde. "Nunoy daw ang hahanapin mo. `Yon ang bahala sa `yo. Madaming ginagawa daw si Ma'am, pati si Sir Gab. Alam mo na, busy season. Ise-send ko sa `yo ang number."

"Ano `yon, katiwala?"

"Parang hindi kasi wala namang tao daw doon sa lupa. Basta kontakin mo lang daw kung may kailangan ka. Sabihin mong ikaw ang padala ni Ma'am. Siguro kakilala din lang."

Ano pa nga ba ang gagawin niya? Kaya nga siya ang ipinadala doon dahil siya ang magaling dumiskarte. Anyway, may pondo ang project kaya gagawan na lang niya ng paraan.

Nang makarating na sa wakas sa lupain ay ilang sandali siyang hindi nakaimik sa pagkabigla. Ang tataas ng mga talahib. At nang makarating sa mismong bahay ay natuklasan niyang kailangan niyang humanap

ng house for rent. Wasak ang bubong niyon at ni walang front door. Ang option niya ay ang tumuloy sa inn pero na-trauma siya. Naalala rin niya ang sinabi ni Abel na kapag pinasok siya ng goons ay wala na siyang magagawa pa.

Nagpasya siyang tawagan si Nunoy na agad namang sumagot.

"Hi, Nunoy? Ako nga pala si Marcie, padala ni Ma'am Isolde. Sabi niya, tawagan daw kita kung may kailangan ako. Nandito ako ngayon sa bahay niya. Hindi ako puwedeng tumuloy dito. May alam ka bang house rental sa malapit?"

"Wala, Marcie. Bumalik ka na lang sa bahay. Welcome ka do'n, tulad ng sinabi ko kanina."

Ilang sandali siyang hindi nakaimik, sabay, "Bakit hindi mo sinabing ikaw ang katiwala ni Ma'am Isolde?! Bakit Nunoy ang pangalan mo, Abel?!"

"Dahil hindi ako katiwala. Nunoy ang palayaw ko noong bata ako. Hindi ko rin alam na ikaw ang ipapadala sa ganitong

trabaho. Walang nabanggit sa akin."

"Madami akong kailangan."

"Ako rin. Magkita tayo sa bahay, ibigay natin ang pangangailangan ng isa't isa."

Nahihimigan niyang nakangiti ito, nanunudyo. Nakagat niya ang labi.

"Will you please just..." Hindi niya naituloy ang sasabihin dahil naalala ang hitsura nito nang nagdaang gabi at bigla siyang napalunok. "C-can we talk? Tungkol dito sa lupa, sa gagawin ko dito. Una, kailangan kong makita itong kabuuan."

"Sige, pupuntahan kita."

Nang mawala ito sa linya ay naibaba niya ang phone, tulala sa talahiban, mabilis ang tibok ng puso. Hindi siya makapaniwalang nagpa-palpitate siya kahit wala doon ang lalaki at nag-usap lang sila.

At pinag-iisipan niya ang tuksong alok nito.

*For God's sake, Marcie! Ano ka ba naman? Talagang `yan ang nasa isip mo sa sitwasyong ito?! What it's like to have sex with Abel?!*

Bigla niyang nayakap ang sarili, saka dumulas pataas sa braso at leeg ang isang kamay. She was now sweating and not only from the humidity. Well, she was getting humid as well—between the legs. Just the thought of Abel doing her was enough to make her feel hot.

Hindi na niya maalala kung kailan huling nakadama ng ganoon. Hindi siya ganoon, period. Wala siyang kung anong pantasyang naiisip ganoong kasikatan ng araw. Those dirty thoughts only came to her at night, mga normal lang na bugso ng init. What she was feeling now was different. It was very strong and made her breathless.

Makaraan ang may kalahating oras ay nakita niya ang isang malaking kabayong may sakay na malaki ring lalaki.

Oh, yes, she wanted that man. Wanted him bad.